# Ang Kapanahunan Ng Iglesiang Tiatira

Jeffersonville, IN
December 8, 1960

1 Ngayon, sa gabing ito tayo'y... Bago tayo tumungo sa dakilang kapanahunan ng iglesiang ito... Sadyang umaasa akong ibubuhos ng Panginoon ang Kaniyang Espiritu sa atin at pagpapalain tayong muli. At ang matatalakay lang natin ay ang mga pangunahing punto, dahil sa malaking pagtitipong darating, buong linggo tayong mananatili rito. At, o, kagabi'y nagkaroon tayo ng napakamaluwalhating panahon. 2 Pero ngayon, bago tayo bumasa ng Kasulatan, maaari ba tayong magpalit ng ating posisyon sa ilang sandali at tumayo para sa panalangin.

2 Mabiyaya naming makalangit na Ama, dumudulog kami sa sapat-salahat na Pangalan ng Panginoong Jesus, yamang nalalaman naming isang araw ay darating Ka. At sinisikap naming ihanda ang mga puso ng mga tao upang matanggap nila ang dakilang kapahayagang ito na Ikaw ang buhay na Anak ng Diyos, hindi patay, kundi nabubuhay magpakailanman; at nabubuhay sa Iyong iglesia bilang saksi ng Pentecostes, ng dakilang panahon kung kailan darating ang kaginhawaan mula sa Presensya ng Panginoon. Ikinagagalak naming namnamin ang mga panahong iyon dito matapos ang isanlibo't siyam na raang taon. 4 At, Ama, buong pagpapakumbaba naming iniyuyuko ang aming mga ulo bilang paggalang sa mga dakilang lalaking ito sa lahat ng mga kapanahunan, ang mga bituing hawak Mo sa Iyong kamay, na ayon sa Iyo ay mga anghel ng mga kapanahunan ng iglesia, ang mga ministro. Ganu'n na lang ang pasasalamat namin sa Iyo dahil kay San Pablo ng Efeso. Ganu'n na lang ang pasasalamat namin sa Iyo dahil kay Irenaeus, O, Panginoon, si Irenaeus na dakilang lingkod Mo; at dahil kay Saint Martin; at ngayong gabi ay dahil kay Saint Columba. Panginoon, ganu'n na lang pasasalamat namin sa Iyo dahil sa mga lalaking ito. Sa kalagitnaaan ng madilim na Romanismo, nang dumating sa iglesia ang paganismo, magiting silang nanindigan para sa mensahe at mga pagpapalang Pentecostal, pagsasalita ng iba't-ibang wika, at mga dakilang tanda at mga kababalaghan, ang pagpapagaling sa mga maysakit, at pagpapabangon sa patay.

3 Marami sa kanila Panginoon ang pinaghihila hanggang magkalasog-lasog, pinatay, at pinakain sa mga leon; matitinding mga bagay ang naganap. Dumanak sa lupa ang dugo ng mga matuwid. At, Ama, sumisigaw ngayon ang kanilang mga dugo laban sa masama't mapangalunyang iglesiang iyon.

At sinabi Mo, isang araw kapag ibinuhos Mo—ibinuhos ng Anghel ang kaniyang mangkok dito, nasumpungan dito ang dugo ng bawat martir. 6 Panginoon, tulungan Mo kaming maging handang manindigan ngayon, dahil papatapos na ang panahon. Habang nakikita naming lumilitaw ang hayop na may dalawang sungay mula sa lupa, hindi sa kakapalan at karamihan ng mga tao, na may mga sungay tulad sa isang kordero, subali't nangungusap tulad sa dragon… Naniniwala kaming malapit na ang oras ngayon, Ama, kung kailan magsasanib-sanib na ang mga iglesiang ito, na bubuo ng isang larawan para sa hayop; at magiging kakila-kilabot ito para sa lupong iyon, Panginoon, na hindi aanib dito. Magaganap ang pambo-boycott na iyon, ngunit pagdating ng panahong iyon, nangako Kang kukunin Mo ang Iyong iglesia. Tulungan Mo kami, Panginoon.

4 Bago may lumagpak na isang patak ng tubig, nasa arka na si Noa. Bago matamaan ng apoy ang Sodoma, wala na si Lot. Ama, nananampalataya kami, bago pasabugin ng lakas atomika ang lupa, nakaalis na ang iglesia. Lubos kaming nagagalak, Panginoon. At alam naming nakakasa na ang mga bomba ngayong gabi. 8 At maaari kaming tumingala sa langit at makita ang Anak ng tao na tumatayo mula sa Kaniyang trono na nagsisimula nang manaog sa lupa para agawin ang Kaniyang iglesia, at alam naming hindi lalapag sa makasalanang lupang ito ang Kaniyang banal na mga paa sa pagkakataong iyon; sapagkat kung papaanong sumakay at bumaba si Rebekah sa kamelyo bago pa dumating sa bahay ni Abraham, doon sa parang ay nakatagpo niya ang kaniyang nobyo. O Diyos, at kakatagpuin ng iglesia ang aming Nobyo sa himpapawid, "Sapagka't tayong nangabubuhay at nangatitira ay hindi mangauuna o makahahadlang sa mga nangatutulog. Tutunog ang trumpeta ng Diyos, unang magbabangon ang mga nangamatay kay Cristo, at aagawin tayong kasama nila upang sumalubong sa Panginoon sa kaparangan, sa himpapawid, at makasama Niya magpakailanman." 9 Oh, tulungan Mo po kami, ngayong gabi, Panginoon. Bigyan Mo kami ng kagiliwan sa aming mga espiritu, at alisin Mo lahat ng kapaitan at kawalang malasakit mula sa amin, at nawa'y lubos kaming mapugnaw ng Espiritu Santo. Hayaan Mong maghari ang Anghel ng Diyos ngayong gabi. 10 Panginoon, hindi ko alam kung anong sasabihin ko sa mga taong ito. Nasa akin ngayon ang mga kasaysayan at mga bagay na naisulat tungkol sa ginawa Mo, ngunit Ikaw lang ang makapagpapaliwanag ng hinaharap, kaya't dumadalangin akong itulot Mo ito sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

5 Ngayon, buklatin na natin ang Aklat ng Apocalipsis. At ngayong gabi'y nasa ika-apat na kapanahunan tayo ng iglesia, ang Tiatira, dakilang kapanahunan ng iglesiang kilala bilang madilim na kapanahunan. Nagsimula ang kapanahunan ng iglesiang ito noong 606 at natapos noong 1520. Ako'y… Ang tanging nagawa ko'y ang mamili. Maraming mga iskolar ang nagsasabing si Saint Patrick ang bituin o ang… bawat… 12 Ang pitong bituin ay ang pitong anghel ng pitong kapanahunan ng iglesia. Malalaman natin bukas ng gabi, nang walang pag-aalinlangan ang tungkol kay Luther; at Wesley. Hindi natin alam kung sino ang magiging bituin sa iglesiang Laodicea. Ito'y... Nasa panahong iyon na tayo ngayon, mula

pa noong 1906 sa pasimula ng Pentecostes. Ngunit may lilitaw na anghel na susupil sa lahat ng mga dogma, at maghahanda sa iglesia upang umuwi. Ngayon, may ilang pinuno ng—ng—na nasa Espiritu, na maglilitawan na may mga tanda at mga kababalaghan. Ngayon, nananalangin ako na tulungan tayo ng Diyos na malaman ito.

6 Sa pagpili nito, at sa pagsusuri, si Saint Patrick ay isang dakilang lalaki. At sa pagtitipon ng mga lumang manuskrito, si Saint Patrick ay hindi isang Catolico. Iprinotesta niya ang iglesiang Catolico. At sa panahon ng Repormasyon, nahukay ang dogmang pinanghahawakan nila, at napatunayang prinotesta ni Saint Martin ang iglesiang Catolico. Na... Si Saint Patrick ay mas tila isang makaorganisasyong lalaki; may sarili siyang iskuwelahan. Una siyang… Nang dukutin siya sa may baybaying dagat, siya, at ang dalawang maliliit niyang kapatid na babae na hindi na siya naringgan ng balita mula noon. Tinangay sila, marahil ay sa Roma at pinagbili bilang mga alipin. Binihag din siya at ipinagbili bilang alipin at pinagtrabaho bilang tagapagalaga ng mga baboy.

7 Nagsanay siya ng mga aso upang mangalaga sa kaniyang mga baboy, at iba pa; at sila'y naglalapitan sa iba't-ibang ungol at iba pa na inihuhudyat niya sa mga aso. At sa huli'y naging daan iyon ng pagtakas niya sa ilalim ng bangka nang takpan siya ng mga aso hanggang sa makapalaot siya sa dagat. Di naglaon ay nakarating siya sa kaniyang napakagandang bayan, sa Ireland, at nasumpungang buhay pa rin ang kaniyang ama't ina… At si Saint Patrick ay pamangkin ng dakilang si Saint Martin. At, isa siya sa pinakadakila na naparito sa hanay ng kalalakihan mula nang dumating si Jesus Cristo, si Saint Martin. 15 Ang kaniyang mga iglesia ay puspos ng Espiritu Santo; lahat sila'y nagsalita ng iba't-ibang wika, nagtaglay ng mga tanda, mga kababalaghan, at mga himala, sadyang naganap ang lahat ng uri ng himala. Iningatan niya ang pananampalatayang Pentecostal sa gitna ng kapanahunan ng iglesiang iyon na

ikinasal sa Catolisismo; naikasal ang paganismo at ang Nicolaitanes, naitayo ang isang organisasyon, at nabuo ang—ang mga Nicolaitanes na... At tinawag natin silang "Nico," na nangangahulugang "sakupin, sakupin o lupigin ang karaniwang tao," at alisin ang Espiritu Santo sa kongregasyon, at ang pari lang ang banal, isang tao lang. Kita n'yo? At pagkatapos ay namumuhay sila sa paraang gusto nila, sa wari ko, basta't kinukumpisal nila ito sa pari. At sila'y...

8 Nakita natin kagabi, na ipinuwesto nila sila, at si Constantine ang nagtalaga ng unang obispo, at inilagay ito—binigyan sila ng mga gusali, ayon sa mga ibinibigay natin sa inyong mga petsa at lahat na na inyo namang naisulat. At idinaos nila ang solstice feast, sa ika-21 araw ng Disyembre, ang pinaka-maikling araw ng taon, at naipasok ang hidwang katuruan, na iyon ang araw (Kita n'yo?) ng kapanganakan ng araw, binago nila ang kapanganakan ni Jesus Cristo mula Abril tungo sa ika-25 ng Disyembre. 17 Ika-25 ng Disyembre, idinaraos ng mga Romano ang malalaking selebrasyon sa loob ng limang araw na iyon, ang sirkus, at lahat na, at doon nila ginaganap ang malaking kapistahang paganong ito. At itinaas nila roon ang lalaking ito bilang diyos at binihisan at lahat na. At kasama na nila ro'n ang kanilang diyos. At doon lumitaw ang mga taong naniniwala na tapos na ang milenyo, dahil inisip nilang nasa milenyo na ang iglesia ng panahong iyon (Kita n'yo?) dahil mayaman sila noon, di na nangangailangan ng anuman, ang estado at ang iglesia. "Nagaganap na ang Milenyo," ay isa pa ring katuruan ng Catolico hanggang sa araw na ito. Kita n'yo? Ngayon, nagaganap na ang Milenyo, buweno, alam nating mali iyan. Ang Milenyo: ang pangalawang pagdating ni Cristo ang maghahatid ng milenyo. Tama. The earth is groaning, crying for that day of sweet release, When our Lord shall come back to earth again.

9 Ngayon, ang dakilang santong ito ay si Columba. Isa siyang dakilang lalaki ng Diyos. Medyo isisulat ko ang kasaysayan niya rito. Una, ang ikaapat na kapanahunan ng iglesia, "Tiatira," ay nangangahulugang "maging maluwang, pabaya, o makulimlim." 19 Kita n'yo, isa itong ilehitimong panahon mula 606 hanggang 1500. Ang bituin ay si Columba, mula sa Ireland at Scotland, na pamangkin ni Saint Martin; at nabuhay ng mga animnapung taon pagkatapos ni Saint Patrick, at kaya nga nagsimula ang kaniyang ministeryo mga animnapung taon pagkatapos ni Saint Patrick. Ang kaniyang… 20 Hindi niya kailan man tinanggap ang doktrinang Romano. Isa siyang dakilang lalaki ng pananampalataya. Tinanggihan niya ang katuruang

Romano, hindi siya kailan man nagtungo sa Roma, at lubusan niya itong tinanggihan. Kaya hindi ko makitang kinanonisa nila siya, gaya ng ginawa nila kay Saint Martin at sa iba pa; siya at si Irenaeus ay hindi nila kinanonisa dahil kabilang sila sa iglesiang may mga tanda at mga himala ng Pentecostes, ngunit nananampalataya. Hindi niya kailan man inilahok ang katuruang Romano sa kanilang mga aral. Ang Biblia ang pinagkunan niya ng maituturo tulad ng ginawa ng kaniyang makadiyos na ina, ang kapatid na babae ni Saint Martin, at hindi niya kailan man tinanggap ang katuruang Romano. Itinuro niya na ang mga tanda ng Marcos 16 ay dapat lumakip sa bawat mananampalataya. Amen. 21 Ako'y... Iyan ang uri ng lalaking gusto ko, mga mananampalataya. Opo. 22 Narinig niya ang tinig na boses ng Diyos na tumatawag. Isa pang mabuting tanda iyan. Kita n'yo? Nang magkagayon, wala nang anumang makapigil sa kaniya matapos iyon: humayo na siya…?... nasa daan siya nang marinig niya ang tinig ng Diyos.

10 Isang himala… May ilan akong isinulat dito, ngunit kunin lang natin ang isang ito. Ang isang himala ay nang tumungo siya sa isang syudad na pinagsuguan sa kaniya ng Panginoon, at ayaw siyang tanggapin ng syudad na iyon, kaya pumaroon sila at sinikap nilang—nagdala sila ng mga musikero, at iba pa, at isinarado ang mga pintuan at nagtangka ang mga musikerong sapawan siya sa pamamagitan ng pagtugtog. At nagsimula siyang mangaral at nasapawan ang mga musikero at nabuksan ang mga pintuan; pumasok siya at nangaral pa rin. Ang lupon na iyon ay naakay niya. 24 Narito pa ang isa na tila nais kong ipangusap. Nagtungo siya sa isang bayan, at tinanggihan nila siya. Napapaderan ang kanilang mga syudad nung mga araw na iyon, siyempre. Kaya't pumunta siya sa syudad na iyon at siya'y tinaboy nila. Papaalis na siya nang ang anak ng pinuno ay nagkasakit ng matindi, at pinahabol nila sa daan ang butihing banal na iyon. Bumalik siya at dinapaan ang naghihingalong bata, at siya'y nabuhay.

11 Puspos ng Espiritu Santo ang kaniyang iglesia; hindi siya papayag na hindi magkagayon; dahil dapat bawat miyembro ng kaniyang iglesia'y mapuspos ng Espiritu Santo. At prinotesta niya at lubos na kinamuhian ang hirarkiya ng Roma. Naniniwala akong siya ang bituin ng kapanahunan. Ano ba ang kaniyang ginagawa noon? Pagsasalita ng iba't-ibang wika, ang bautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ipinagpapatuloy ang mga bagay na kanilang pinasimulan. Kung ang Diyos ay impinit, at ganu'n Niya itinatag ang Kaniyang iglesia nung pasimula, kailangang manatili itong gayon, at ito'y (napasa minorya rin) hanggang sa dulo; halos napiga ito at naubos dito, ngunit bumalik muli sa pamamagitan ni Luther.

12 Ngayon, nais na nating magsimula ngayon, at tignan natin kung makapaguumpisa tayong kunin ang ilan sa mga talatang ito ngayon sa pagsisimula natin sa ika-18 talata. … at sa anghel sa iglesia ng Tiatira ay isulat mo;... 27 Napansin n'yo ba ang mga pananalitang ito? Sa anghel nakadirekta ang mga mensaheng ito, o sa ministrong nagdadala ng Liwanag ng kapanahunan ng iglesiang iyon. Kita n'yo? Ngayon, kagabi'y nakita natin sa pagtatapos ng kapanahunan ng iglesiang Pergamo, na ang anghel ng iglesia (sa pananagumpay sa kapanahunan ng iglesiang ito) ay tatanggap ng isang bato. At sa batong ito... 28 Ngayon, tinalakay natin ang batong iyon at ang simbulo nito, ang ibig sabihin nito ay isang "bato." Ano ito? Magiging katulad ni Pedro ang anghel na iyon, na tinawag na "bato."

13 Makikita n'yong may kinalaman ang pangalan ninyo sa inyong buhay. Ngayon, hindi ako maaaring magpakalawig diyan, dahil ang diablo'y mayroon ding huwad na numerology; alam natin iyan: sisimulan sa nadarama ng mga tao, at iba pang tulad niyan, na humahantong sa espirituwalismo. At ang espirituwalismo ay sa demonyo; alam natin iyan. At ganu'n na lamang kayo dapat maging mapagbantay. Gaya ng kanilang… 30 Kaya nila tinatawag si Jesus na Beelzebub, isang demonyo, ay dahil (Nakita n'yo?), nagawa Niyang makilala ang mga haka ng kanilang pag-iisip. Kita n'yo, ngunit Siya ang Salita ng Diyos. At sinabi ng Mga Taga Hebreo 4 na ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, na kumikilala sa haka at nasa ng puso, ng isip. Kita n'yo? Kaya't Siya ang Salita; Siya ang buhay na Salita; at kapag pumasok sa atin ang buhay na Salita, nakaaapekto ito sa atin sa parehong paraan. Kita n'yo, kaparehong... Dahil iisa Itong Salita. Kita n'yo? Ganu'n din ito sa ating kalagitnaan. Ganu'n nga. At magkaminsan sila na wala sa kategoryang iyon ay nagsasalita ng iba't-ibang wika, at may iba namang nagpapaliwanag nito. Ano ito? Naging laman muli ang Salita sa kalagitnaan natin.

14 At, napansin nating tatanggap ang anghel na ito—ang anghel ng kapanahunan ng iglesia ang tumanggap ng bato... Ito'y isang batong puti, hindi nangangahulugan ng sarili niyang katuwiran, kundi ng sa Diyos. 32 At sa batong ito'y may isang pangalan, isang pangalang walang nakaaalam maliban sa tumanggap nito mismo. Alam niya ito, ngunit walang ibang makaaalam kundi siya. Kapag nakarinig kayo ng mga taong nagyayabang sa inyo, na nagsasabing sila'y si Juan, sila'y si Pablo, sila'y si Maria, sila'y si ganito, si ganyan, at iba pa. Huwag n'yo 'yon paniwalaan, dahil kung totoo

iyon, wala siyang sasabihin tungkol dito. Kita n'yo? Tama. Kailangan niyang sarilinin ito. Alam niya; walang ibang nakaaalam maliban sa kaniya, ngunit alam niya dahil bawat ganap na mananagumpay ay nakatatanggap ng bagong pangalan sa gayong paraan.

15 Napansin n'yo ba na dati ang tawag kay Abraham ay Abram, ngunit nang gamitin siya ng Diyos, pinalitan Niya ng Abraham ang kaniyang pangalan. Si Sarra ay dating S-a-r-r-a, ngunit nang gagamitin na siya ng Diyos, pinalitan Niya ang pangalan niya ng S-a-r-r-a-h: Sarah, "prinsesa." Napansin n'yo ba si Jacob? Ang "Jacob" ay "mandaraya." Ang Esau ay nangangahulugang "mapula, mabalahibo at mapula"; mapula ang buhok, at mapula ang kabuuan, iyan ay Esau. Ngayon, ang "Jacob" ay "mandaraya." At ang "mandaraya" ay isang "manlilinlang." Hindi ba't sinabi ni Esau, "Hindi ba't Jacob ang tawag sa kaniyang pangalan, 'mandaraya'?" Ngunit nang makipagbuno siya sa Panginoon nang magdamag, at managumpay, at mapagpala, pinalitan ng Diyos ang pangalan niya: Mula sa Jacob, ay naging Israel, "isang prinsipeng kasama ng Diyos." Si Pablo'y tinawag na Saulo hanggang sa makatagpo niya ang Espiritu Santo sa anyo ng isang Liwanag na suminag sa kaniya; napalitan ang pangalan niya mula Saulo at naging Pablo. Si Simon, nang makatagpo si Jesus, pinalitan Niya ang kaniyang pangalan ng Pedro. Ang... 34 At nang magtagumpay si Jesus, pinalitan ang pangalan Niya. At ihahayag Niya ang Pangalang iyon, "Siya na makakasama Niya, nagtagumpay na tulad Niya, ay tumanggap ng bagong pangalan; at ihahayag ko sa kaniya ang Aking bagong Pangalan." Kita n'yo? At bawat mananagumpay, ang ibig kong sabihin ay sa kalagitnaan ng mga gayon, ay may mga pinuno at iba pa. Ngayon, hindi lahat ng anak ni Israel ay

pinalitan ng pangalan, siyempre pa. Tama. Ngunit ang matataas na pinuno, nang managumpay sila, nakatanggap sila ng bagong pangalan. Nakikita n'yo ba kung paano ito ganap na umuugma?

16 At ngayon, nakita nating mayroon din Siyang natatagong mana. Ngayon, ang natatagong mana ay katipo ng panghandog na tinapay. Para lang sa mga saserdote ang panghandog na tinapay. Tama. Para lang sa saserdote ang panghandog na tinapay. At sila'y... Bukod tangi itong ginawa para sa saserdote, na mga pinuno; at nagtagumpay ang lalaking ito. May mana ang buong kongregasyon, ngunit mayroon siyang natatagong tanging mana, o natatanging kapahayagan, o, ng kung sino si Jesus, kung ano ba Siya, lahat ng patungkol sa Kaniya. Kita n'yo, makukuha niya ang kapahayagang iyon kung nagtagumpay siya. Sa anghel, "Panghawakan mo, dahil siya na…" Nagtagumpay siya… Patungkol ito sa anghel ng iglesia… Kita n'yo?

17 Ngayon, nakikita na natin kung gayon, sa gabing ito, magsisimula tayo:

... sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Diyos, na may… mga matang gaya… ningas ng apoy, at ang kanyang mga paa… gaya ng tansong binuli; 37 Ngayon, nang makita natin Siya sa simula, sa kapanahunan ng Efeso, o sa pasimula ng Apocalipsis, nakita natin Siya sa Kaniyang pitong luping niluwalhating Persona: "Ang buhok…" Nakita nating nasumpungan siya ni Juan sa araw ng Panginoon. 38 Kapag dumating Siya ngayon, Isa Siyang Saserdote. Nung narito Siya sa lupa, Siya'y isang Propeta, Propeta ng Diyos. Ngayon, dinala Niya ang Kaniyang sariling Dugo at tumungo sa harapan ng Ama, na dahil dito'y naging isa Siyang Saserdote. Magiging Hari Siya sa Kaniyang pagbabalik: Propeta, Saserdote, at Hari. Naging Propeta Siya ng Diyos; Isa Siyang agila. Saserdote Siya ng Diyos; Isa Siyang Kordero. Sa pagbabalik Niya, magiging isa Siyang Leon, ang Hari (ng lipi ni Judah) upang maghari.

18 Ngunit sa pagitan ng Kaniyang pag-ganap bilang Saserdote, nang lisanin ang santuaryo, nakita nating nakatayo Siya roon. At ang sabi ni Juan siya'y napasa Espiritu sa araw ng Panginoon; hindi sa ikapitong araw, hindi araw ng Linggo; pawang kamalian iyon. Nakita natin iyan, sinaliksik natin sa buong Kasulatan; araw iyon ng Panginoon. Ngayon ay araw ng tao. Ang pagdating ng Panginoon ang magiging araw Niya. 40 At nakita natin siya sa araw ng Panginoon. At, nang makita niya ang Panginoon, ang buhok Niya'y sing-puti ng niebe. At alam nating kumakatawan iyon sa isang Hukom. 41 Isang bagay pa, hindi na Siya Saserdote doon, dahil nakabigkis ang saserdote sa baywang, na nangangahulugan ng paglilingkod. Ngunit Siya'y nabibigkisan sa dibdib, dito sa bandang itaas, na nangangahulugang isa na Siyang Hukom. Amen. At makikita nating lumalakad Siya sa kalagitnaan ng pitong kandelerong ginto. 42 At ngayon, binalikan natin ang Matanda sa Mga Araw, na nakaputi sa paghatol sa puting luklukan nang makita Siya ni Daniel, "Pumarito kayo sa Matanda sa mga Araw na ang Kaniyang buhok ay sing-puti ng niebe." 43 Ngayon, ang puti… Ang mga unang hukom sa Inglatera sa mga nadaang taon, kapag tumutungo sila sa luklukan ng paghuhukom nagsusuot sila ng malaking puting peluka, sing-puti ng niebeng peluka, sa tuwing tutungo sila sa luklukan ng paghatol, dahil sila'y mga hukom. At nakita Siya ni Juan sa araw ng Panginoon, nang Siya'y isa nang Hukom. Amen.

19 Ngayon, nakita nating may mga mata Siyang tulad sa ningas ng apoy. Ang mga matang iyon sa pagkakataong iyon ay tulad sa ningas ng apoy…

Dating nanlabo ang mga matang iyon dahil sa luha bilang tao. Nagawa niyong tumingin at manangis sa isang taong naghihingalo, samantalang alam niyang sa susunod na limang minuto'y mabubuhay siyang muli; ngunit iyon ay sadyang makataong pagsimpatiya lamang… Ngunit sa likod niyo'y may isang kapangyarihan na kayang manuot sa buhay ng isang tao at sabihin sa kaniya kung sino siya at lahat ng patungkol dito. Dahil dumarating na ito sa repleksyong tulad sa apoy. Magagawang tumingin ng mga matang iyon paroo't parito sa buong mundo at makita lahat ng mga bagay na nagaganap. Saan kayo tatayo sa araw ng paghatol? Magiging lantad ang iyong mga kasalanan sa harapan Niya. 45 At napansin ninyong may lumalabas mula sa Kaniyang bibig, na isang matalas na tabak na may dalawang talim, na nakita nating walang iba kundi ang Salita. 46 Nakita natin na ang Kaniyang mga paa ay "tansong binuli, at iba pa, na nangangahulugan ng Kaniyang pundasyon. Nilakaran Niya ang pisaan ng ubas ng galit ng Makapangyarihang Diyos, at niyurakan at inako ang kasalanan, at umahon Siya, at nilugod ang Diyos. Tama. At ang Kaniyang pundasyon ay siya ring pundasyon natin. On Christ, the solid Rock, I stand; (sabi ni Eddie Perronett) All other ground is sinking sand. (Tama.)

20 Ngayon, makikita natin dito, sa tuwing makatatagpo Siya ng kapanahunan ng iglesia, pinakikilala Niya Siya bilang isa sa Kaniyang mga Pangalang nauukol sa Diyos. Ngayon, nakita natin doon, na ang una sa lahat ng mga kapahayagan ay ang Pagkadiyos, ang Kataas-taasang Pagkadiyos ni Jesus Cristo: "Ako Siya na nakaraan, at kasalukuyan, at ang darating. Ako ang Una at ang Huli, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat." Kita n'yo, ang unang kapahayagan… Lumingon si Juan upang tignan kung sino ang nangungusap sa kaniya. Ang unang itinawag niya sa Kaniya… 48 Sino mang hari, kapag siya'y tinuran, hinahayag niya kung sino siya; sinuman. "Ako ay si ganito at si ganiyan kapag nangungusap ako sa inyo; hindi ninyo ako kilala. Ako si William Branham. Ako si John Doe," sinuman ito. 49 Sabi Niya, "Ako ang Una at ang Huli, Siya na nabuhay at namatay, at nabubuhay magpakailanman." Ay, naku. Ang

Pagkadiyos… Dito'y nakikita natin Siya sa Kaniyang pitong luping Persona ng Kaniyang maluwalhating kalagayan. Sa bawat kapanahunan ng iglesia, nagpapakilala Siya sa kanila sa iba't-ibang Pagkadiyos na iyon, iba't-iba sa niluwalhating kalagayang iyon.

21 Ngayon sa gabing ito, dumarating Siya na may ningas ng apoy. Nakatingin Siya sa Laodicea—o sa Tiatira. Ito ang kapanahunan na ang iglesia'y ikinasal sa Catolisismo at paganismo, o nang magbuklod ang Nicolaitanismo at paganismo na bumuo at nagsilang sa unang organisadong iglesia. 51 At sinabi ng Diyos na ang mga gawa ng mga Nicolaitanes (na naroon na sa Efeso), na sa munting iglesia ng Pergamo ay naging aral na, at nasabing ito'y aral ni Balaam. At si Balaam ang nagturo sa Israel na pumaroon at mangalunya, o sila'y nakiapid sa Moab, na isang malahiningang kasapi ng iglesia, o karaniwang iglesia, ang malaking organisasyon. At nakita nating sinabi ng Diyos na ang aral ng Nicolaitanes na nagbunton ng lahat ng kapangyarihan sa isang iglesia at ibinukod ito at ginawang isang organisasyon, aniya, "Kinapopootan ninyo ito, at kinapopootan Ko rin." Sadyang paulit-ulit ang pagsasabi Niya, "Kinapopootan Ko ito. Kinapopootan Ko ito. Kinapopootan Ko ito." At lumaganap na ito nang lubusan dito. Nakikita n'yo ba kung papaanong sinisikil ang iglesia, sa bandang ito hanggang sa ito'y lumiit na nang husto, at iyan ang iglesiang tinatalakay natin ngayon.

22 Ngayon, sa panahong ito na dinatnan ng kapahayagang ito, o sa iglesiang ito, ito'y panahon kung kung kailan nagpatong ang Roma sa malalaking bato ng kanilang lugar ng mga dayami at kugon. Ngunit sinasabi Niya sa iglesiang ito na Siya pa rin ang naglalagablab na apoy na nakamasid sa panahon, at ang Kaniyang pundasyon ay hindi dayami o pinaggapasan, bagkus ito ay matibay at sinubok na tanso sa naglalagablab na hurnuhan. Matatag ang pundasyon. Gusto ko iyan. Alam natin kung saan tayo nakatayo,

23 Sige. Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pag-ibig, at pananampalataya at ministerio, at pagtitiis at ang iyong mga huling gawa ay higit kaysa mga una. 54 Tama, tila lubos na natagpas na ang iglesia, kakaunti na lang, at napalayo pa sila sa mga dakilang espirituwal na pagtitipon, at medyo umaasa na lang sa mga gawa. Ayaw ng Diyos na umasa tayo sa mga gawa. Tanda iyan ng organismo. "Dadalhan natin ng panggatong si Miss Jones. At dadalhan natin ng damit ang mga anak ni Ganito-at-ganyan." At iyon ay mabuti. 55 Ngunit huwag kayong sasalig diyan; huwag ninyong gawin iyan. Kapatid ma—mabuting gawa iyon; gagawin iyon ng isang mabuti at disenteng mamamayan. Ngunit ang kailangan upang maging Cristiano ay isang karanasan ng muling kapanganakan, ang bautismo ng Espiritu Santo. Tama.

Kumaunti na sila, bumaling sa mga gawa imbes na sa pag-ibig at pananampalataya, at patuloy na nag-iibayo sa paglaon ng panahon.

24 Sige. Nalalaman ko ang iyong mga gawa,... Nalalaman ko ang iyong pananampalataya, nalalaman ko ang iyong pagtitiis, at iba pa... 58 Ngunit ngayon, kukunin natin ang ika-20 talata; pakinggan n'yo ito. Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa, at siya'y nagtuturo at… humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga dios-diosan. 59 Ngayon, mga kababaihan… Ano ang nalaman nating kinakatawan ng babae kagabi? Ang iglesia. Ngayon, nalaman nating tinawag silang mga Nicolaitanes, aral ni Balaam; at ngayo'y humantong na sa isang Jezebel.

25 Ngayon, si Jezebel… Kung mapapansin ninyo, isa itong dakilang kasaysayan. Ngayon, kung nais ninyong itala, simulan n'yo sa Unang Hari, tungkol sa—Unang Hari, sa bandang ika-16. Hindi anak ni Abraham si Jezebel; maging ang grupong ito, ang paganong Roma. Ang mga Nicolaitanes ay ang malalamig, pormal na lupon ng mga Cristiano na humiwalay sa mga tunay na mga Cristiano, na tila hindi nagtataglay ng pananampalataya. At hinangad nilang gawing parang bahay-tuluyan (lodge) ang iglesia, tulad ng mayroon sila ngayon: tulad sa isang bahay-tuluyan (lodge), hungkag na hungkag ito sa Espiritu; "Lumipas na ang mga araw ng himala. Para sa ibang panahon ang lahat ng iyan. Mayroon kaming pagkakapatiran." Ang isang mabuting Mason, Kakatuwang Tao, o iba pang tulad niyan ay makapamumunga ng gayon. At iyon ay mabuti, ngunit hindi iyan makahahalili sa bagong kapanganakan kay Jesus Cristo, sa kaligtasan ng kaluluwa, sa katotohanang ito.

26 Tama, itong si Jezebel, ngayon, hindi siya anak ni Abraham, totoo iyon, prinsesa siya ng isang mananamba sa dios-diosan. Sa panahong iyon ang kaniyang maharlikang pamilya, ay kilala sa malupit at mabagsik na katapatan kay Balaam. Ang kaniyang ama ay saserdote ng dios-diosang si A-s-t-a-r-t-e (Hindi ko alam kung paano n'yo iyan bibigkasin; nakuha ko lang iyan sa kasaysayan). Gumamit ng taktika si Achab tulad ni Constantine. Ang dakila't makapangyarihang bansang ito ay karatig ng Israel, kaya nga… 62 Ano ang ginawa ni Constantine kagabi? Hindi siya na-convert. Isa siyang pulitiko. Ano ang sinisikap niyang gawin? Tinanggap niya ang mga Cristiano, nang sabihin nilang mananalangin ang mga ito… At doon, tandaan, siya'y… Ang Nicolaitanes ang pinag-uusapan natin ngayon. At sinabi niya na

kung mananalangin sila, at magwagi siya sa labanang ito, kung magkagayo'y magiging Cristiano siya. Nanaginip siya. Nang gabing yao'y pininturahan niya ng puting krus ang kaniyang mga kalasag. Diyan sa

panahong iyan isinilang ang Knights of Columbus; ngayon diyan sila nanindigan. Ngunit wala siyang anumang ginawang tulad sa isang Cristiano. Sa isa sa mga iglesia ng Nicolaitanes, na kung tawagin ay Saint Sophia, ay nilagyan niya ng krus. Gaya ng sabi ko kagabi, iyon lang ang tangi niyang ginawa na tila ba para sa iglesia, sa abot ng nasaliksik ko sa mga pahina ng kasaysayan; at maraming iba pang mga iskolar ang ganun din ang sinasabi. Wala tayong nalalamang anuman tungkol sa kaniyang pagka-convert. Ngayon.

27 Ngunit ano ang kaniyang pinasok? Ang gusto niyang gawin, nakita na niya halos ang buong Roma. Ngayon, tignan ninyo, masdan ninyo ang taktikang ito. At masdan n'yo kung papaanong kinumpirma ito ng Biblia, ng Diyos, daan-daang taon bago pa ito maganap. At ginamit ni Constantine ang kaparehong istratehiya, sabi ng Diyos dito, na ginamit ni Achab. 64 Ngayon, nakita ni Constantine na malaking bahagi ng kaniyang bayan ay mga Nicolaitanes, mga Cristiano. Ang ilan sa kanila'y tinawag na mga erehe, iyon ang mga Pentecostal; sila'y mga erehe at mga holy-rollers, at iba pa. Doon nakalagak ang inyong tunay na mga tanda at mga kababalaghan. Ngunit ang iglesiang natural ay patungo na sa organisasyon. 64 Ano'ng ginawa niya? Nagpakawais si Constantine. Pinuntahan niya, at kinuha ang kaniyang mga kaibigang pagano, at ganun din ang kaniyang mga kaibigang Cristiano, at pinagbuklod ang mga iglesia, at nagtatag ng isang-dinala niya ang paganismo sa Cristianismo. Ikinasal ang Cristianismo at paganismo sa iglesia ng Pergamo.

28 Ngayon, ano ang sinabi Niya ukol dito ngayong gabi? Katulad ng ginawa ni Achab. Upang mapatatag ang kaniyang kaharian, pinakasalan ni Achab si Jezebel, ang mananambang ito sa dios-diosan: upang patatagin ang kaniyang kaharian, upang maghatid ng dagdag ng lakas sa Israel. 66 At iyan ang sinisikap ng mga iglesia. Nakikita n'yo kung bakit sinisikap nilang gumawa ng isang Biblia, at ilalabas na nila ito sa susunod na taong '62? Isang Biblia na lulugod sa mga Judio, lulugod sa mga Catolico, at lulugod sa mga Protestante. O, kapatid. May mga ginupit akong mga artikulo sa pahayagan. Hindi ko iyon dala ngayong gabi; gayunpaman narinig ninyong binasa ko iyon noong nakaraang gabi. Hayan na nga. Kita n'yo?

29 Oh, ang mga bagay na iyon sa pagsisikap na lumago, kinukuha nila ang mga bagay na banal ng Diyos at ikinakalat sa kahit ano'ng paraan upang sila'y lumago at dumami. Iyan ang ginawa ng iglesia. Tinanggap nito ang mga tao

base sa pakikipagkamay, at nakakuha ng mga lilo at lahat na, mga taong di pa isinisilang na muli. Ngunit sa tunay na Katawan ni Cristo, na hindi isang organisasyon, kundi ang mistikal na Katawan ni Cristo, makapapasok ka lang doon sa isang paraan, at iya'y sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Tama. At ang kaparehong mga tanda na tumama sa mga apostol, ang siya ring tatama sa igesia. Tamang-tama nga iyan.

30 Ngayon, hindi natin kailangang magkompromiso at magsabi, "Buweno, aanib kami sa Assemblies. Aanib kami sa Oneness. Aanib kami dito, o sa Baptists, o sa Methodists." Umanib tayo kay Cristo. Manatili kayong malaya sa mga bagay na ito. Dahil bawat isa sa mga organisasyong iyon ay mabuti, ngunit kumukuha sila ng kanilang mga katuruan at kung anu-anong bagay, at kailangang malaman mo kung papayagan ka ng general overseer na magpunta sa gayong bansa upang magdaos ng pagtitipon. Kung hindi kaparehongkapareho ng pagtuturo nila ang pagtuturo mo, patatalsikin ka nila; hindi ka makakapanatili sa Biblia. Hindi ito magagawa ng Diyos; kinamumuhian Niya ito. Sinumang iba pang Cristianong ipinanganak na muli ay gayundin din ang gagawin. Marami sa mga taong naroon ay tunay na gustong tumupad, gustong maglingkod, at gustong makisama. Ngunit hindi mo iyon magagawa; patatalsikin ka nila. Buweno, hayaan mong patalsikin ka nila; magpatuloy ka at tanggapin mo pa rin ang Espiritu Santo. Tamang-tama nga iyan. Ngunit, kita n'yo, nais nilang kunin ang dogmang iyon. Gusto nilang dalhin ka sa kung saa'y magkakamal ka ng maraming pera.

31 Ang mga Baptist ay may salawikain noong '44: "Isang milyon pa para sa '44." Anong nakuha nila? Gaya ng sinabi ng dakilang evengelistang si Billy Graham nang siya'y nasa Louisville, "Magtutungo ako sa isang syudad…" Aniya, "Si San Pablo'y tumutungo sa isang syudad; makakakapag-akay siya ng isa; pagbalik niya ng sumunod na taon, nagbunga ng tatlumpu ang isang iyon; umabot sa kaapu-apuhan mula sa isang naakay na iyon." Aniya, "Nagpupunta ako sa isang syudad, palalapitin ang tatlumpong libo, pagbalik ko ng sumunod na taon, hindi ako makakita ng tatlumpo." At ang sabi niya, gumawa siya ng magandang pahayag, ngunit hindi pa rin ako naniniwalang tama ang ating mahal na kapatid. Ika niya, "Kayong mga tamad na mga mangangaral." Aniya, "Ibibigay ko sa inyo ang kanilang mga pangalan at tirahan; ipapatong n'yo ang inyong mga paa sa mesa at susulatan sila sa halip na puntahan, at kausapin."

32 Medyo hinangaan ko siya dahil doon. Gusto ko na ang isang lalaki ay maging kung ano siya, hindi isang ipokrito; manindigan kayo at nagpapakatotoo. At iyan ang gusto ko. Ngunit gusto kong sabihin, "Billy, sino ang naroon upang umalalay sa naakay ni Pablo? Ano iyon, Billy, kung

patitigilin mo lang sila sa pagbalik roon at pakikipagkamay, at paggising at pagsasabi, 'Oo, tinatanggap ko si Jesus bilang personal kong Tagapagligtas,' at hayaan mo siyang manatili roon hanggang

sa mamatay, at mabulok, at maipanganak na muli ng Espiritu Santo, may mga bago siyang maaakay." 71 Kapatid, ika'y… Siya'y naglalagablab, at hindi mo siya maaapula. Tulad siya sa isang nasusunog na bahay sa malakas na hangin; sadyang hindi mo ito maaapula. O, kakalat siya sa lahat ng dako, kapatid, ang isang tunay na naakay kay Cristo; hindi siya matatahimik. Siya'y sadyang… Kumikilos siya. Oh, galak na galak ako. Ay, naku. Ang makalumang bautismo ng Espiritu Santo na nagpapaalab sa'yong kaluluwa (Amen.), dahil hindi ako maaaring matahimik, hinihipan ka ng hangin, isang humahagibis na hanging malakas ang umiihip sa'yo. Patuloy lang akong naggagatong at nagpapatuloy. Opo. Hindi na kailangang alalayan ninuman ang naakay ni Pablo; sapat ang lalim ng pagkakaakay sa kanila ni Pablo kay Cristo na mamatay na siya sa kaniyang sarili at nabuhay kay Cristo, at Siya na ang gumawa ng iba pa. Tama. Iyon 'yun.

33 Mabubuti ang kapatirang Baptist. Ngunit ang isang milyon pa, ano'ng buti ang magagawa nito? Nakakuha kayo ng isang milyon pang pangalan. Buweno, maupo na lang kayo at mag-imbento ng ilan pa kung gusto n'yo silang isama diyan. Ayos lang iyon, ngunit kapatid, ang nais natin ay mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero, na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan, hinugasan sa Dugo, puspos ng Espiritu Santo, may lakip na mga tanda at mga kababalaghan.

34 Saliksikin n'yo ang mga kasaysayan. Sana'y kunin ninyong lahat ang Nicene Council at basahin ang mga bagay na iyon, upang makita kung paano pinanghawakan ng mga martir ang ningas ng Pentecostes. Sinasabi ko sa inyo ngayon, kapatid, kayong mga Baptist, Methodist, at maging ano ka man, ang totoong tunay na Liwanag… Hindi ang organisasyong Pentecostal ha; ngunit ang totoong tunay na Liwanag ay isang karanasang Pentecostal. Ngayon, maraming mga araw ang ginugol ko sa mga kasaysayang iyon, sinaliksik ko nang husto lahat ng maaari kong makita saan man ito, at ang ningas ng Pentecostes ang nanatiling buhay mula noong Pentecostes hanggang sa panahong ito. Opo. Ito'y itinaboy…

35 Sinasabi ng ilan sa kanila, "Buweno, natagalan ng dakilang iglesiang Catolico ang mga alon. Aba'y, pinatutunayan nitong siya ang totoong iglesia." Aba'y hindi ito kataka-taka para sa akin, nasa likod ba naman niya ang estado at lahat na, magagawa niya ngang mananatili. Ngunit ang katakataka, ay ang maliit na grupong iyon na kinaladkad, ang munting minoryang iyon na itinataboy, ibinilanggo, pinaglalagari. Papaano sila nakapanatili? Dahil ang

Espiritu ng buhay na Diyos ay kumikilos sa katauhan nila. At lahat ng demonyo sa impyerno ay hindi makapananaig laban dito. "Sa ibabaw ng batong ito'y itatatag ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban dito." Hayan ang tunay. Iyan ang hatid ng Espiritu Santo sa mga mangangaral na Methodist na ito at iba pang naririto. Ibinabangon sila nito, may kung anong ginagawa sa'yo. Hindi Ito mabibigo.

36 Si Achab, ang ipokritong iyon… Kita n'yo, tumungo siya roon, at nagsabi,"Ngayon, kung magagawa ko lang na makipag-isa at makuha ang malaking bansang ito. At kung pakakasalan ko ang anak na babae ng lalaking iyon, magiging magkaibigan kami." Ano ang ginagawa niya? Ipinagbibili niya ang kaniyang pagkapanganay. 76 Ngayon, kapag bumalik na nga ang iglesiang Protestanteng ito at nakipagisa sa iglesiang Catolico, tulad din ng dati ang gagawin nito. Nabuhay si Achab sa panahon na… 77 Tatlong beses itong nangyari. Naroon siya sa hatinggabing karanasan ng paglalakbay ng Israel, at dito ay muling humantong sa hatinggabi, at dumating na naman tayo sa hatinggabi dito. Tatlong henerasyon bago ito nakapasok, dito, at dito.

37 Ngayon, kung mapapansin n'yo, pinakasalan ni Achab si Jezebel para patatagin ang kaniyang bayan. Ganu'n na ganu'n din ang ginawa ni Constantine. Nagtatag siya ng isang napakalaking iglesia, at kinuha niya ang dambana at ginawang isang malaking marmol, binihisa ang lalaking iyon, ang papa, at ipinuwesto siya roon. At mistula siyang buhay na diyos; nagawa niyang makipag-usap sa kanila, at sinasabi nila sa kaniya ang kanilang mga kasalanan, at sadyang nalugod do'n ang maligamgam na iglesia, at nalayo na sila. Tunay nga. Hayun na. Buweno, hindi iyon nakalugod sa taong isinilang na muli, nang tanggapin nila iyon at nagpasok sila ng mga paganong seremonya ng pag-usal ng mga panalangin. Anong ginawa nila? Tinanggal nila si Jupiter at ipinalit si Pedro. Tinanggal nila si Venus at ipinalit si Maria. At ito ang naghatid ng paganismo sa hanay ng Kacristianuhan.

38 At nang pakasalan ni Achab si Jezebel, ganu'n din ang ginawa niya…?... Nagdala siya ng idolatriya sa Israel. At ano ang ginawa ni Jezebel? Pinapatay niya ang bawat propetang madapuan ng kaniyang kamay. Tama ba iyan? Gayon din ang ginawa ng mga papa. Bawat tunay na Cristianong dapuan ng kanilang kamay, ay pinatay nila. 80 Ngunit may bituin sa kapanahunang iyon, si Elias. Opo. Hindi siya natakot magsalita sa kanila. Opo. Siya ang bituin ng Diyos sa kapanahunang

iyon. Dumating siya sa pagkakataong sinabi niya, "Panginoon, ako na lang mag-isa ang natitira." 81 Ang sabi ng Diyos, "Aba, sandali lang, sandali lang, sandali lang, Elias. (Uh-huh.) Mayroon pa akong pitong daang nakatago sa paligid . Kita mo? Hindi mo alam kung nasaan sila. Naroroon sila, sa mga Fariseo, mga Saduceo, mga Baptist, Methodist, at Presbyterian, ngunit, ilalabas ko sila roon; maghintay

ka lang. Kita mo? Naroroon sila. May mga… Sila'y sa Akin, at hindi pa sila lumuluhod kay Balaam.” Ngunit si Elias ang tinig ng Diyos sa araw na iyon. Tunay ngang siya ang pinakatipo ng tinig ng Diyos sa unang pagdating ni Cristo, at magiging katipo iyon ng tinig sa ikalawang pagdating ni Cristo, ayon sa Kasulatan.

39 Ngayon, nakita natin na ang Jezebel na ito, nang siya'y pumaroon, talagang gigibain niya ang lahat ng mga dambana ng Diyos at magtatayo ng kaniyang sariling mga dambana. At napayukod na niya ang mga Israelita sa dios-diosan. Ganu'n na ganu'n ang ginawa ni Constantine ng itatag niya ang iglesiang Catolico. Ipinasok niya ang paganismo sa iglesiang Cristiano, at pinayukod niya ang mga Cristiano sa mga mga dios-diosan. Ganu'n nga ang madilim na kapanahunan: madilim na kapanahunan ng Israel, madilim na kapanahunan ng iglesia: yumuyukod sa mga dios-diosan. At si Elias ang bituin sa kaniyang panahon. 83 At pinasamba niya ang buong Israel kay Balaam, at ganu'n din ang ginawa ng iglesiang Catolico sa Tiatira.

40 Ngayon, gusto kong pansinin n'yo ang isa pang kapansin-pansin na bagay dito. Nagsaliksik ako sa kasaysayan tungkol dito. Sinabi ni Jesus na tinawag niya ang kaniyang sarili na isang propetisa. “Ang babaeng si Jezebel na tinatawag ang kaniyang sarili (tinatawag ang sarili niya) na isang propetisa.” Ngayon, kita n'yo, hindi pinahihintulutan ng iglesiang Catolico na magbasa ng Biblia ang kanilang mga tao, dahil sinasabi nilang ang pari lang ang tanging makapagpapaliwanag ng Salita sa Makalangit na paraan. 85 Buweno, iyan ang tunay na interpretasyon ng isang propeta. Ang propeta ang may Makalangit na pagpapaliwanag ng Salita ng Diyos. Tamang-tama nga iyon. Papaanong natatawag ng sinuman na propeta ang isang tao, at pagkatapos ay sasabihing mali ang kaniyang kapahayagan? Singwalangsaysay din iyan ng walang-hanggang pagiging anak (eternal sonship). Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo, ito ang… Ang “propeta” ay nangangahulugang “isang tamang Tagapagpaliwanag, ang dinaratnan ng Salita ng Panginoon, dumarating sa kaniya ang kapahayagan.” Ang salitang “propeta” ay nangangahulugang “isang Tagapagpaliwanag ng Salita ng Diyos.” Ang sabi ni Jesus, “Sinuman sa inyo ang espirituwal o isang propeta, Akong Panginoon

ninyo ay mangungusap sa kaniya. At kung ang sinasalita niya ay natutupad, kung gayo'y pakingan ninyo siya; Ako'y sumasakaniya. Kung hindi naman ito natutupad, kung gayo'y huwag n'yo siyang pakinggan.“ Ganu'n lang. Makalangit na Salita iyon ng Diyos, at dumating sa mga propeta ang Salita ng Panginoon.

41 Ngayon, ang sabi nila ang ang iglesiang ito raw noon ay isang propeta. Ngayon, tandaan, nabago na ito mula sa Nicolaitanes; nabago ito tungo sa pagiging isang babae (her) (Nakikita n'yo ba?), isang Jezebel. Ngayon, kagabi ay aral ni Balaam (Kita n'yo?), aral ng mga Nicolaitanes at aral ni Balaam. 87 Ngayon, si Balaam ang nakipangalunya sa Israel. At ano'ng ginawa ng mga Nicolaitanes? Gumawa ng organisasyon. Kaya't pagsamahin mo sila at mayroon kang isang babae (her), isang iglesia. Tiyak nga. Apocalipsis 17, “Ang dakilang patutot na nakaupo sa maraming tubig,” babae, patutot... Ano siya, o papaano siya naging patutot? Siya'y nakikiapid, espirituwal na pakikiapid, minamali ang pakahulugan ng Salita sa mga tao. “Lumayo kayo sa panatisismong iyan.” Iya'y tunay na panatisismo. Iyan ang tama.

42 Ngayon, kita n'yo, tinatawag niya ang kaniyang sarili na propetisa, “Kami iyon. Kami ang konseho. Kami ulit ang konseho ng Laodicea, ang konseho ng mga tao, at napagpasyahan namin ito, ang ganito, at ganiyan. Kaya't makinig kayo sa amin.” Ngunit… 89 Ang munting paring tagarito, ay kinapanayam ako tungkol kay Elizabeth Frazier, o sa dalagitang Frazier. Aniya, “Gustong malaman ng kardinal o ng obispo, kung binautismuhan mo ang dalagitang Frazier na ito.” Ika niya, “Magiging Catolico na siya.” 90 Ang sabi ko, “ Oo, nauunawaan ko 'yon.” Aniya, “Binautismuhan mo ba siya?” Sabi ko, “Opo.” Aniya, “Papaano mo siya binautismuhan?” Sabi ko, “Sa bautismong Cristiano.” Sabi niya, “Buweno, ano'ng ibig mong sabihin diyan?” Sabi ko, “Bautismong Cristiano, sa paraang sinasabi ng Biblia. May isang paraan lang ng bautismong Cristiano. Bawat tao sa Biblia ay inilubog sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

43 Sumulat siya, nagsimula siyang sumulat nang ganiyan. Aniya, “Alam mo, ganiyan ang ginagawa ng iglesiang Catolico dati.” 92 Sabi ko, “Kailan?” Ika ko, “Narito sa akin ang lahat ng lumang kasaysayang nagawa kong makuha, mula sa London at iba pa.” Upang mapagaralan ko kapag malapit nang dumating ang panahong ito, kapag may magaganap na. Kita n'yo? Ang sabi ko, “Gu—gusto kong malaman kung nasaan iyon.” 93 Ang sabi niya, “Oh,” aniya, “sa Biblia.” Sabi ko, “Sinasabi mo bang…” Aniya, “Inorganisa ni Jesus ang iglesia Catolico.” Ang sabi ko, “Si Pedro ba ang unang papa kung gayon?” Aniya, “Tiyak na tiyak.” 94 Sabi ko, “Akala ko ba'y hindi nagkakamali ang igleisa at hindi nagbago, at lahat ng mga misa ay binibigkas sa Latin upang hindi mabago.” Aniya, “Totoo iyan.” 95 Sabi ko, “Buweno, gumawa kayo ng mga pagbabago mula ng panahong 'yon.” Sabi ko, “Kung ang Bibliang iyan ay isang Aklat ng Catolico, kung gayo'y isa akong sinaunang Catolico.” Kita n'yo? Tama. Sabi ko, “Isa akong sinaunang Catolico kung gayon.” At sabi ko, “Tunay na nag...”

44 Aniya, “Buweno, ngayon (Naiintindihan mo ba?), ang Biblia'y isa lamang kasaysayan ng iglesia Catolico.” Aniya, “Ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesia.” Sabi ko, “Ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita.” Tama. 97 “Ang Salita Ko ang maging totoo, at bawat salita ng tao'y kasinungalingan.” At sa Aklat ng Apocalipsis lamang (Hayaan ninyong ulitin ko.) naglagay si Jesus ng Kaniyang pag-endorso. At ang una

Niyang ginawa ay ang ipahayag ang Kaniyang Pagkadiyos, at lubusan Niya itong ginawa. At ang sabi Niya, "Sinumang magbawas o magdagdag Dito, ay maaalis ang bahagi, sa Aklat ng Buhay. 98 Mapalad ang bumabasa, o ang dumirinig. At susumpain ang magdadagdag o magbabawas Dito." Hayan, kaya't nakikita n'yo na ang mapanganib na bahagi. Kaya huwag na huwag kayong magdagdag ng anuman Do'n; huwag n'yo na lang pakialaman, at magpatuloy na lang kayo.

45 Ihahayag Ito sa inyo ng Espiritu kung magiging mapagpakumbaba lang kayo…?... Kita n'yo? Tama. Ngayon, kaya't hindi Ito kumplikado. Ang Diyos… Pinasalamatan ni Jesus ang Ama, sa pagsasabing, "Nagpapasalamat

Ako sa Iyo, Oh Aking Ama, na Iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mata ng mga rabbi, at mga Obispo, at mga cardinal, at mga general overseer, at inihayag Mo sa mga sanggol na nais matuto." Kita n'yo, iyan ang nais n'yo; isa Itong kapahayagan ng Diyos na maaari lamang dumating ayon sa sinabi Niya, "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino Ako?" 100 Ang sabi niya, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay." 101 Ang sabi Niya, "Simon, hindi mo iyan natutunan sa isang seminaryo. (Kita n'yo?) Walang sinumang nagsabi niyan sa iyo. 102 Iya'y dumating bilang isang kapahayagan mula sa langit. At sa ibabaw ng batong ito, ay itatayo Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban Dito." 103 Iyon nga mismo ang kapahayagan na taglay ni Abel sa pasimula. Iyon ang kapahayagn noon; Iyon pa rin ang kapahayagan ngayon; at iyon palagi ang magiging kaphayagan. Tama.

46 Ngayon, makikita natin dito na isa siyang babae. At sumisimbulo ang babae sa isang iglesia. Tama ba? Para saan darating si Cristo? Para sa Nobya, isang babae, malinis na birhen. At ang babaeng naririto, sinasabi niyang siya ang iglesia ng Diyos; ngunit ganito siya, nahihiyasan siya ng mga kayamanan, at perlas, at lahat na, at may saro ng karumihan ng kaniyang pakikiapid, na ang alak nito ay pinanglasing niya sa lahat ng mga hari sa lupa na nagsiinom nito. Tama ba? Ngayon, makikita natin siya rito na tinatawag na Jezebel. At si Jezebel, ang kasamaang ginawa niya, nang magkaroon na siya ng kapangyarihan sa kalagitnaan ng mga Israelita, ipinapatay niya sila, at ginawa ang lahat ng maaari niyang gawin, at nagtayo siya ng kaniyang sariling mga altar. Tama ba? Ganun nga ang ginawa ng iglesiang Catolico. Ganung-gano'n nga.

47 Ngunit ngayo'y bumasa pa tayo nang kaunti. Ito'y magpapamangha sa inyo. Minsan kapag namangha kayo, madadagdagan nang kaunti ang inyong pagkain. …nagpapanggap na propetisa,… (Ngayon, kung sinasabi niya, "Ako lang ang tanging tagapagpaliwanag ng Salita…"),… at nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid,… upang kumain ng mga bagay na inihahain sa mga dios-diosan. Ang kapatid na lalaking iyon na nagtanong tungkol sa serpente, tungkol sa pagkain ng bunga sa halamanan ng Eden, nakikita mo na kung ano iyon (hindi ba?) nang sabihin Niya ditong, "kumain". Iyon ay espirituwal. Nakita n'yo? At ang… at…

At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi sa kanyang pakikiapid-pakikiapid; at siya'y ayaw magsisi. Narito, akin siyang iniraratay sa higaan,… (Anong uri ng higaan? Makasanlibutan. Iyan ang talagang makikita niya.)… at ang mga nakikiapid sa kanya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisisipagsisi sa kanilang mga gawa. (Iyon ay pagpasok sa dakilang kapighatian.) At... papatayin ko ng salot ang kanyang mga anak;...

48 Naku. Ang kanyang ano? May mga anak ang babaeng ito. Ngayon, Apocalipsis 17… Gaano karami… Lahat kayo'y narito kagabi, sa wari ko. Sige. Apocalipsis 17, ang patutot na iglesiang ito ng Catolico, ay tinatawag na patutot, at siya'y ina ng mga patutot. Hindi ito maaring maging mga binata, sila'y mga iglesia. 108 Ngayon, saan nagmula ang iglesiang Lutheran, saan nanggaling ang lahat ng mga ito? Saan galing ang bawat organisasyon? Saan ito nagpasimula, Laodicea? Sa katapus-tapusan ay humantong do'n ang Nicolaitanes; ganiyang-ganiyan din ngayon. Wala kang magagawa dito, kapatid. Ang matandang si Elias ay sumigaw laban dito sa bagay na ito sa kaniyang panahon. Si Juan ay sumigaw laban dito sa kaniyang panahon. Opo. "Huwag ninyong isipin o sabihin sa inyong sarili, 'Si Abraham ang aming ama,' dahil sinasabi ko kayang magpalitaw ng Diyos mula sa mga batong ito ng mga anak kay Abraham." Kita n'yo? Sadyang wala kang magawa...

49 Ngayon, may mga anak siya. May mga anak ba ang tunay na si Jezebel? Opo. Makinig kayo. … Papatayin ko ang kanyang mga anak… 110 Ano? Ang iglesia Catolico, ang kaniyang mga anak ay ang mga denominasyong Protestante. Kita n'yo, tamang-tama iyan, dahil parehongpareho rin ang ginagawa nila: nababautismuhan sila papasok sa kaniya sa pamamagitan ng kanilang kakatuwang bautismo, wala-sa-Kasulatang bautismo; inihahalili ang pakikipagkamay sa Espiritu Santo; Ama, Anak, at Espiritu Santo sa halip ng Jesus Cristo. At sadyang ginagawa nila ang lahat ng bagay na salungat sa Biblia, hanggang ngayon. At dali-dali nila itong pinapasok.

50 Athalia ang tawag sa kaniyang anak na babae, A-t-h-a-l-i-a. Siya'y kaniyang... Ipinakasal ni Jezebel si Athalia kay Jehoram, na anak ng hari ng Judah, at di nagtagal ay naitayo kaagad ang mga altar ni Baalim sa Jerusalem. Ngayon, hindi mo na kailangang tumunghay sa kasaysayan para diyan; iya'y nasa Biblia. Kita n'yo? Ang anak niyang babae, si Athalia, ay ikinasal sa

anak na lalaki ni Jehoshapat, na si Jehoram. At ginawa ng mga anak niyang babae ang tulad sa ginawa niya. 112 Ay, naku. Hindi n'yo ba ito nakikita? Nakita n'yo kung anong ginawa ng mga organisasyong iyon, mga kapatid? Nagbalikan sila sa panahon ni Luther at iba pa, ganu'n nga, at inorganisa nila ang kanilang mga sarili sa halip na hayaan ang Espiritu Santo na... At ganu'ng-ganun din ang ginawa ng Pentecostal. Hindi nila magawang hayaang magpatuloy ang Espiritu Santo na magkaroon ng Kaniyang kaparaanan, at manguna; at bawat liwanag na dumarating, ay sisiyasatin sa pamamagitan ng Salita, at magpapatuloy. Hindi nila mapahintulutan ang Espiritu Santo na makapanguna; kailangan nilang gumawa ng organisasyon at humilwalay sa lahat ng iba pang dumarating. Bumalik sila at nakipagkasal silang muli sa bagay na iyon. Sadyang ganu'n nga. Pagdating natin sa kapanahunang iyon, masdan n'yo lang kung anong naghihintay sa inyo sa daan. Kita n'yo? Naikasal muli pabalik sa ... Sinabi ni Jesus dito, “Ang kaniyang... Itong si Jezebel, tinatawag niyang propetisa ang kaniyang sarili, at iraratay Ko siya sa higaan ng kamunduhan, at papatayin ko rin ang kaniyang mga anak (Huwag n'yong... Sa pamamagitan ng) ng salot.”

51 Anong uri ng kamatayan ang ipangpapatay sa kaniyang mga anak? Nakikita ninyong patay na sila ngayon, patay sa espirituwal. Wala silang kapahayagan. Ang alam nila ay ang kanilang organisasyon; alam nila ang kanilang katekismo; alam nila ang doktrina ng kanilang iglesia; ngunit pagdating sa pagkakilala sa Diyos, ang ilan sa kanila'y wala talagang kaalamalam tungkol Dito. Tama. Pagdating sa tunay na pagkakilala sa Espiritu Santo, naguguluhan sila, at tinatawag nila manghuhula ang Espritu ng Diyos, isang diablo, patungkol sa pagkilala sa mga espiritu, at mga bagay na tulad niyan, at pagpapalayas ng demonyo. “Aba'y hindi siya kasapi sa ating organisasyon. Ang grupong iyan, oh, brroo [Iminuwestra ni Brother Branham.—Ed.].” Kita n'yo, sadyang hindi nila alam. At binansagan Ito nang pangalang Jesus Only, o ng isang uri ng holy-roller o—isang tulad niyan. Sadyang hindi nila alam...

52 At nalalapit na ang panahon kung kailan mabubunyag ang bagay na iyan. Tamang-tama nga. Gagawin iyan ng Diyos singtiyak ng pagkatayo ko sa likuran ng pulpitong ito, dahil hahaltakin Niya palabas ang Kaniyang mga anak singtiyak ng pagkakatayo ko rito. Alam iyan ng Diyos na nasa langit. Kung naniniwala kayong isa akong propeta ng Panginoon, isang lingkod ng Panginoon, makinig kayo sa akin. Nalalapit na Siya. Opo.

53 Papatayin ang kaniyang mga anak ng espirituwal na kamatayan. Tignan ninyo sila: malamig at pormal. Tignan n'yo ang... Tignan n'yo ang ating...

Hindi na natin kailangang pag-usapan ang mga Baptist at Presbyterian; alam nating matagal na silang patay. Anong... 116 Nang magkaroon ng revival si Lurther, ang pag-aaring ganap, kung siya sana'y... Kung nagpatuloy lang siya, ang dakilang kilos ng Pentecostal na ito ngayon ay sa iglesiang Lutheran sana. Damating sana ang Liwanag sa pamamagitan ng pagpapakabanal, ayon sa pagsunod Dito ni Wesley. Kita n'yo, hindi ito nagawang sundan ni Luther. Hindi po, mga Lutheran na sila.

54 Kaya't dumating si Wesley. Pagkatapos mamatay ni Wesley, anong nangyari? Inorganisa nila ito at nagtatag ng Wesley Methodist, Primitive Wes... oh, lahat ng uri ng Methodist. Kita n'yo? At nang... Nagkaroon ng dakilang revival, ngunit nang ipasok nila ang organisasyon... Anong nangyari nang dumating ang Pentecostes na nagsasalita ng iba't-ibang wika at naghatid ng panunumabalik ng mga kaloob? Hindi sila makasulong; tinawag nila silang mga diablo. 118 Ngayon, anong ginawa ng Pentecost? Kapareho din ng ginawa nila. At nasaan na sila? Singlamig ng pako sa pintuan. Opo. Tama nga. “Iraratay Ko ang kaniyang mga anak sa higaan—sa higaan ng kamatayan, at papatayin Ko sila.” Ha—hayaan n'yong basahin ko upang makita n'yo rito; Sa wari ko'y sa Ika-22 talata iyon. At akin siyang iraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kanya sa malaking kapighatian,... (ang—ang dakilang kapighatian)...

55 Iyan ang mangyayari. Ngayon, tandaan, hayaan n'yong huminto ako rito sandali, ang dakilang kapighatiang iyon ay ang—ang mga ihahagis doon ay ang mga natutulog na birhen na walang dalang langis sa kanilang mga ilawan; ngunit sila'y kasapi sa isang organisasyon, mabubuting mga tao, nagsisimba, at lahat na; ngunit nang sila'y naghanap ng langis, huli na. Kita n'yo, ihahagis siya sa dakilang kapighatian; papasok siya roon, papasok ang iglesia Catolico roon, lahat ng kaniyang mga anak ay papasok na kasama niya, sa dakilang kapighatian. ...maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kanilang mga gawa, 120 Ngayon, hindi ang mga anak na naroroon; kundi ang iglesia mismo, ang kaniyang mga anak ay ang organisasyon, hindi ang mga taong naroon, tulad ng mga pobreng Catolico, Baptist, Presbyterian, o mga Pentecostal. Nalulungkot ako para sa kanila. Kaya lang, “Buweno, Ako'y...” “Cristiano ka ba?” “Buweno, Presbyterian ako.” Oh

Wala 'yang anumang kinalaman dito tulad din ng di mo puwedeng sabihin na porke may siya ang isang baboy e pangarerang kabayo na ito. Kaya ano pa ang magagawa mo riyan? Aba'y, wala na. Hindi ito sa pagbibiro, hindi ito lugar ng pagbibiro; Ebanghelyo ito. Kita n'yo? Gusto ko lang magbigay ng paglalarawan. Kita n'yo, ngunit iyan ay tama. Kita n'yo, wala na silang anumang kinalaman Dito. “Pentecostal ako.” 122 Wala-wala itong kinalaman dito. Maaaring kabilang ka sa limampu't isa sa kanilang mga organisasyon, ngunit ikaw ba'y isang isinilang na muling anak ng Diyos? Talaga, mahal mo ba ang lahat ng buong puso mo, buong kaluluwa mo, at mahal mo ang Diyos, at araw-araw mong... Hindi

mahalaga anuman ang gawin ng iba sa'yo? Kung ika'y aamba, at magsasabi ng, "Humm," tulad sa isang di kuryenteng lagare, ipinakikita nitong nilisan ka na ng Espiritu Santo, kung nagkaroon ka man Nito.

56 Tignan n'yo. ... maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kanilang mga gawa. At papatayin ko ng salot ang kanyang mga anak;... (Ang kanyang mga anak, ni Jezebel.) 124 Ngayon ano ang ginawa ni Jezebel? Ipinakasal ang anak niyang babae para mapabilang sa ibang hanay sa Judah. Ngayon, tignan n'yo ang espirituwal na aplikasyon. Siguro'y maiguguhit ko ito. Heto, tignan n'yong mabuti ngayon. 125 Narito si Jezebel at ang Israel. Ngunit narito ang Judah, hindi kauri na nasa gawing ito; narito si Josaphat. Sige. Ngayon, ito si Achab; ngayon, narito naman si Jezebel. Ngayon, dumaan siya rito at pinasamba niya sa mga dios-diosan ang Israel. 126 Ganiyang-ganiyan nga ang ginawa ng iglesiang Catolico sa nung panahon niya nang pag-isahin ni Constantine ang Nicolaitanes (ang mga pormal na ito) dito sa—ang iglesia at ang paganismo, at gumawa siya ng isang paganong anyo ng Cristianismo. Hindi ko gustong saktan ang damdamin n'yo, mga Catolico, ngunit may pananagutan ako sa harap ng Diyos. Iyan lang ang iglesia Catolico, isang paganong anyo ng Cristianismo: mga pamahiin, mga diosdiosan, at lahat na (Tama nga.), isang anyong pagano lamang. Ngayon, totoo iyan. Kung mamamatay na ako sa sandaling ito, iyan ang katotohanan. At nasa ganung bagay din ang mga Protestante, sa ibang kategorya lang.

57 Ngayon, tignan n'yo kung anong ginawa ni Jezebel. At, makikita n'yo, ang diablo... Lubha siyang nakasuko, at kinuha niya ang kaniyang mga anak na

babae. May anak na babae siyang ipinanganak dito, at ang anak na babaeng ito ay tumungo sa isang dakila't banal na lalaking ito, at kinuha't pinakasalan ang anak niyang lalaki, at naghatid ng gayon ding bagay dito mula kay Josaphat, dito sa parteng ito. 128 Ngayon, ang tunay na mga Nicolaitanes, ang mga Nicolaitanes, ang malalamig at pormal na nagnasa ng organisasyong iyan, ay nagpakasal rito. At ngayon, pansinin ang kaparehong bagay. Dinala nila si Jezebel dito (ang iglesia Catolico), at dito nama'y dinala niya ang kaniyang anak na babae (ang kaniyang mga organisasyon) at ipinakasal sa mga narito, at pareho rin ang ginawa sa kanila. "Papatayin ang kaniyang mga anak sa pamamagitan ng kamatayan," espirituwal na kamatayan. Inorganisa nila ang kanilang sarili patungo sa kamatayan, at malalaman mo na lang, lumisan na ang Espiritu.

58 Sabihin n'yo sa akin. Hayaan n'yong tanungin ko kayo ng isang bagay, sinumang mananalaysay na narito, at alam kong may mga lima o anim sa inyo na nakaupo rito. Gusto kong lumapit kayo at magpakita ng isang Kasulatan, o—o isang teksto ng kasaysayan, na nagsasabi na alinman sa mga iglesiang nahulog at bumalik sa organisasyon ay nakabangon pang muli sa pamamagitan ng isang revival. Sabihin n'yo sa akin. Nang mag-organisa sila ng kanilang sarili, nagkaroon pa ba sila ng revival pagkatapos nilang mag-organisa? Hindi na po. Iniwan sila ng Espiritu. Isinasama ko ang Pentecostes. 130 Nang bumaba ang pagpapalang Pentecostal, at nagsipagsalita kayo ng iba't-ibang wika, kayong mga datihan, na nabagsakan ng mga dakilang pagpapalang Pentecostal at iba pa. Nang maglaon, nagdaos kayo ng tinatawag na Pangkalahatang Konseho. Ayos lang ang organismo, ngunit hindi ang organisasyon. At nalaman n'yo na lang, hindi n'yo ito kayang matagalan; kinailangan n'yong bumalik at maging anak muli ni Satanas, at inorganisa n'yo ang inyong sarili.

59 At dumating ang isa pang Liwanag, patungkol sa Pangalan ni Jesus Cristo. At sila'y nagsipagmalaki at nagsabi, "Purihin ang Diyos, kung wala kayong Ngalan ni Jesus, pupunta kayo sa impyerno. At nasa amin Iyon, at wala Iyon sa inyo." Anong nangyari sa kanila? Basta na lang silang nangamatay sa landas na iyon mismo, ginawan nila iyon ng isang organisasyon. Kita n'yo? Sa halip na hayaang makapagpatuloy ang Liwanag sa iglesia, kusa na nitong kukunin ang kaniyang lugar. Ngunit nag-organisa kayo. Ano ito? Isang anak ni Jezebel. At sama-sama silang nangamatay lahat. 132 Ngayon, gusto ko kayong tanungin ng isang bagay. Ang mga Assemblies of God ba, o ang Oneness, o alin man sa iba pa sa kanila ay nkabangon pa para

sa isang malaking sama-samang revival? Hinding-hindi na. Ang huling revival na ito ay dumaan lang, kung saan bumaba sa ilog ang Espiritu Santo (marami sa inyo ang nakaupo ngayon dito) noong 1933, at ang dakilang gawaing ito ng pagpapagaling ay nakatakdang maganap, at lalaganap sa buong mundo, at hinding-hindi ito dumaan sa alinmang ibang organisasyon. Lumabas ang Diyos sa dakong iyon at nagpalitaw ng halos animo'y isang hiteno upang pasimulan ang revival na iyon. At tignan n'yo kung anong nagawa nito. Kita n'yo? 133 Ang mga organisasyong iyon, sa sandaling nag-organisa sila, ay nangamatay. Sinabi Niya, "Papatayin Ko ng kamatayan ang kaniyang mga anak." Ay, naku. Alam kong kayo'y... Pakiusap, huwag nawang sumama ang loob n'yo sa akin, ngunit ako'y... Kung nalalaman ko ito at hindi ko sasabihin, napakaipokrito ko naman, at pananagutin ako dito ng Diyos. Gusto kong maging tulad ni Pablo, na hindi ipinagkait ang pagsasaysay sa buong kapasiyahan ng Diyos. Tama iyon. Tama. Tama.

60 Ngayon, at nagtayo sila ng mga altar sa Jerusalem. Ngayon, gusto kong makita... At nang magpakasal si Jezebel kay Achab, nagdala siya ng mga diyos-diyosan para yukuran ng Israel. Gayundin ang aral ng Nicolaitanes, nang maikasal sa paganismo; inialis si Jupiter, ipinalit si Pedro; at si Venus ay pinalitan ni Maria; at gaya ng sinabi ng Biblia, "Siya ang naging sanhi ng pagkakasala ng buong Israel."

135 Ang iglesiang Catolico din naman ang naging sanhi ng pagpapakasal ng lahat ng mga ng anak na babae sa organisasyon, at kabuuan niyon ay kasalanan, tulad ng ginawa ni Jezebel sa kaniyang mga anak na babae. Tama. At nang maisagawa ito at naitayo ang hirarkiya, at lumuklok na si Pope Boniface the III, at mayroon na silang isang diyos sa trono, hindi na nila kailangan ang bautismo ng Espiritu Santo sa iglesia. Tama. May mga kredo na sila at mga pormalidad at sila'y nagpatuloy.

61 At nang tanggapin ng mga organisasyon ang kaparehong dogma, tinanggal nila ang kalayaan ng Espiritu Santo sa iglesia: Baptist, Presbyterian, Methodist, at iba pa. Gayon nga ang ginawa nila. At unti-unti ay nakita natin silang natutuyo at nangamamatay gaya ng sinabi ni Jesus tungkol sa puno. Ngayon, lahat ng mga tanda at mga kababalaghan ng Espiritu Santo ay inilagay nila sa nakalipas na panahon. At yumaman silang tulad niya. Kaya dinala niya ang buong mundo sa pagkakasala, dahil nagtungo siya sa bawat bansa, siya at ang kaniyang mga anak na babae. Tama. 137 Ngayon, masdan n'yo kung papaanong binanggit Niya rin siya sa ibang kapanahunan ng iglesia. Masdan n'yo kung papaano Niya siya tawagin. Masdan n'yo Siyang nagsusumamo rito sa wakas at kinukuha ang Kaniyang

labi, sa kapakanan ng mga Hinirang, kakaunti lamang, at walang ibang laman na maliligtas kung—hindi ang iba.

62 Tulad ng pagkakasulat sa Apocalipsisi 13:6 (Gusto n'yong puntahan natin iyan sa ilang sandali?) na sinabi Niyang Kaniyang—na, "Ang babaeng ito ang siyang nagpatanggap ng tatak sa lahat (ang halimaw na ito), siyang nagpatanggap ng tatak (maging mahihirap, dakila, sinuman sila), isang tatak ng hayop," na walang iba kundi ang iglesiang Romano Catolico. 139 Maging iyan man o gagawa sila ng larawan... Apocalipsis 13:14, gumawa sila ng isang larawan sa hayop. Inyong—inyong... Palagay ko'y nabasa ninyong lahat iyan. Kung hindi pa, aba'y, buklatin natin at basahin. Apocalipsis 13:14. At nadadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kanya'y ipinagkaloob na magawa sa paningin ng hayop;... (iyan ang kumpederasyon ng iglesia)... na magawa sa paningin ng hayop; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng isang larawan ng hayop na mayroon ng sugat... (paganismo)... ng tabak, at nabuhay... (sa pamamagitan ng papa, mula sa paganong Roma tungo sa Romang pinamumunuan ng papa, Kita n'yo?)

63 Gagawan siya ng larawan, ano kaya iyon? Iyon mismo ang ginagawa nila ngayon, tamang-tama, patungo na sila sa kunpederasyon ng mga iglesiang ito: kasapi ang lahat ng mga iglesia sa organisasyong ito, nagpupunta na ang lahat sa isang grupo. Ngayon, mayroon na silang Biblia. At inimbitahan silang lahat ni Pope John na bumalik. Ang arsobispo ng Canterbury, ay naglilibot... Malalaman mo na lang, ang lahat ay nagbabalikan na kay ina, dahil mga patutot sila simula't sapul. Kita n'yo, kita n'yo, kita n'yo? Sinasabi nila, "Magbubuklod tayong lahat sa isang dakilang layunin upang labanan ang Komunismo." At hindi nila nalalaman na ang Diyos ang nagpalitaw sa Komunismo (Mapatutunayan ko iyan sa pamamagitan ng Bibliang ito.), at naglagay sa kanilang kaisipan na ipaghiganti ang mga banal, dahil sa dugo na kanilang ipinadanak sa ibabaw ng lupa. Itinatag ng Diyos ang Komunismo tulad ng ginawa Niya kay Haring Nabucodonosor upang parusahan ang Israel. Pinalitaw Niya ang Komunismo, at isang araw pasasabugin niya ang Roma upang mawala sa mapa. Tamangtama nga iyan. Ganiyan ang sinabi ng Diyos. Tama. Laban ako sa Komunismo: ito'y laban sa Diyos. Tunay nga. Ngunit huwag ninyong masyadong intindihin ang Kurtinang Bakal na iyan, ngunit ang manmanan ninyo ay ang kulay-ubeng kurtinang iyon. Basahin ninyo ang Foxes "Book of Martyrs" at makikita ninyong tama iyan.

64 Ngayon, tignan natin kung saan tayo... At makikita n'yo rito ngayon na pinatanggap niya ng tatak lahat ng mayayaman, at mahihirap; ngunit may isang lupon na hindi niya magalaw. Alam n'yo ba iyon? Apocalipsis 13:8. Pakinggan n'yo ito. Hayaan n'yong basahin ko. 142 At siya'y tumayo sa buhanginan ng dagat. At nakita ko ang isang hayop na umaahon sa dagat, na may sampung sungay at sampung ulo,... sa kanilang mga sungay... mga diadema, at sa kanyang ulo ay mga pangalan ng kapusungan. (Iyon ang pitong burol; lahat iyan ay tinalakay natin kagabi, alam n'yo na.) At ang hayop na aking nakita ay katulad ng isang leopardo,... mga paang gaya ng—gaya ng sa oso, at ang kanyang bibig... bibig ng leon: at ang dragon... (na walang iba kundi ang pulang diablo na tumayo sa harapan ng babae upang lamunin ang kaniyang anak, at ito'y ang Roma, alam nating lahat)... at ibinigay sa kanya ang kanyang kapangyarihan, at ang kanyang luklukan, at dakilang kapamahalaan.

At nakita ko ang isa sa kanyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay;... (paganismo. Kita n'yo?)... at ang kanyang sugat na ikamamatay ay gumaling:.. (pumuwesto na ang papa, sumapi sa Cristianismo, kasama ng mga Nicolaitanes)... at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop. 143 Lumaganap ang Cristianismo sa bawat bansa sa silong ng langit. Tama. Gaya ng sinabi ni Daniel tungkol sa bakal na inihalo sa putik, at iba pa.

65 At kaunti akong sasabihin ako sa inyo tungkol diyan, sa bakal at sa putik na iyan. Napansin n'yo ba, o nabanggit ko na ba sa inyo, na sa huling malaking pagpupulong na ginanap nila rito hinubad ni Khrushchev ang kaniyang sapatos at inihampas ito sa mesa? May limang silanganang bansa na nakipagtipon roon, at limang kanluraning bansa. Pinangungunahan ni Khrushchev ang mga silanganang bansa; pinagungunahan naman ni Eisenhower ang mga kanluraning bansa; hayun ang dalawang pinuno,

ang "Khrushchev sa Russia ay nangangahulugang "putik." Ang "Eisenhower," sa Ameri—sa English, ay nangangahulugang "bakal." Nasa dulo na tayo. At sila'y nangagsisamba sa dragon, sapagkat ibinigay niya ang kanyang kapamahalaan sa hayop: at... (Iyan ang susunod nating mensahe dito sa Tabernakulo, sa pagkaunawa n'yo.)... at nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? At sinong makakabaka sa kanya? 145 Sa ibang salita, tignan n'yo ito. Kilalang-kilala si Eisenhower dito sa America, ngunit sa Roma wala siyang kuwenta, wala siyang kuwenta sa Russia. Dakila si Khrushchev sa Russia, ngunit wala siyang kuwenta sa

America. Ngunit may isang taong sikat na sikat kahit saang dako; iyon ay ang papa (Tama.), "Organisahin natin ang ating mga sarili at magsama-sama tayo."

66 At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at kapusungan... kapamahalaan, upang magpatuloy ng apat na pu't dalawang buwan. At ibinuka niya ang kanyang bibig sa mga kapusungan laban sa Diyos,... ("itinuturo bilang aral ang mga kautusan ng tao; mayayabang, mga palalo, maibigin sa kalayawan; na may anyo ng kabanalan, datapwa't tinatanggihan ang kapangyarihan nito")... upang pusungin ang kanyang pangalan,... (tinanggap ang Ama, Anak, at Espiritu Santo sa halip ng Panginoong Jesus Cristo. Kita n'yo?)... at ang kanyang tabernakulo, gayundin naman ang mga nananahan sa-sa langit. At ipinagkaloob sa kanya na makipagbaka laban sa mga banal,... (Diyan darating ang pagtindi ng pag-uusig.)... at pagtagumpayan sila: at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawat angkan at bayan,... mga wika, at mga bansa. At lahat ng nanganananahan sa lupa—lupa ay magsisisamba sa kanya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero na pinatay buhat ng itatag ang sanlibutan. (Oh, oh, oh, oh, oh.) 147 "Nang itatag ang sanlibutan..." Ang mga pangalan natin, kung ito'y nasa Aklat, ay naisulat na noon pa man. Sinabi ni Jesus, "Walang taong makakalapit sa Akin malibang ilapit muna siya ng Aking Ama, at lahat ng ibinigay ng Aking Ama sa Akin ay lalapit sa Akin. Dinirinig ng aking tupa ang Aking Tinig (Ito ang pagkain. Kita n'yo?), at ang sa iba'y..." 148 At sasabihin niya, "Buweno, kasasanib ko lang sa isang iglesia, singbuti lang kita." Hindi iyon Pagkain ng tupa. Narito ang Pagkain ng tupa, "Magkakasamang nakaupo sa mga makalangit na dako kay Cristo." Oh, kahanga-hanga Siya. Hindi ba? Tama.

67 Ngayon, magtapos na tayo nang mabilis dahil lagpas na tayo sa oras. Tama. "Ngunit sinasabi ko..." Tignan natin ngayon, kinuha ko ang 23 talata. At papatayin ko ng salot ang kanyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawat isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira sa lahat ng walang aral na ito,... (Anong uri ng aral iyon? Mga organisasyon, mga obispo, at mga arsobispo, at mga papa. Kita n'yo?) "Wala ng aral na ito..."

Ngayon, sa Biblia, nakita natin kagabi na ang Israel, sa dumaan sila sa Moab, hindi sila isang bansa. Nananahan sila sa ibabaw ng lupa, at sila'y isang malayang bayan. Tama ba? Isang tipo, mga pagala-gala na nananahan sa mga tolda at lahat na... Ang mga grupo ng Pentecostal ay gayundin, ang tunay na Pentecostes, nagpapagala-gala sa iba't ibang lugar. Kita n'yo? Tama.

68 ... at wala ng aral na ito... (ngunit inorganisa ang kanilang sarili, at gumawa ng isang malaking organisasyon mula rito)..., na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas,... 152 Ngayon, tandaang nakita natin kung nasaan ang luklukan ni Satanas. Kagabi'y ibinalik natin siya mula sa pasimula. Nasaan ang luklukan niya nung pasimula? Sa Babilonia. At ang Babilonia... Nang ang hirarkiya, ang haring-saserdote ng Babilonia ay tinutugis ng manlulupig na mga Caldeo, nagtungo siya sa Pergamo at itinayo ang kaniyang luklukan...?... pinalitan niya ang kaniyang luklukan mula sa lupain ng Shinar patungo sa Pergamo. Nabasa natin iyan kagabi sa mga kasaysayan. At ngayon, doon siya nagsimula, at doon niya itinatag ang iglesiang Catolico, na hanggang ngayon ay siya pa ring inang Babilonia. Tama. ... ang luklukan ni Satanas—at ang luklukan ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. "Hindi ko na kayo bibigyan ng ibang pasan; kundi ang mga nasa sa inyo na." Ang munting minoryang ito na naroon (Kita n'yo?), na pinag-uusig sa madilim na kapanahunang ito. Ngayon, halos sanlibo't limandaang taon nila iyon naranasan. Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan... (Sa ibang salita, "Mayroon pa rin kayong pagpapalang Pentecostal na naririyan sa inyong mga puso. Iyan ay panghawakan n'yo hanggang sa Ako'y dumating upang bigyan kayo ng kaginhawaan, dahil paparating na ang kasunod na kapanahunan sa susunod na pagkakataon.") ... Siyang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa:

At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal: gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa Aking Ama.

69 Nakita n'yo, kung anong mangyayari sa iglesiang iyon kapag ang iglesia ng madilim na kapanahunang iyon ay nagbangon upang humatol sa paganong

lupon na iyon dati? Sasagasaan sila. Yuyurakan sila ng mga paang tansong iyon; sinasabi ko sa inyo. "Dudurugin Niya sila," sabi ng Biblia. At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga... (Alam ninyo kung ano

iyon, hindi ba? Si Cristo ang Tala sa Umaga. Tama.) Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.

70 Ay, naku. Hindi ba kayo nagagalak? Medyo gabi na. May ilan pa ako rito, itutuloy ko na lang ito marahil bukas ng gabi, tungkol dito sa dalawang libong taong iyon. But He's the Lily of the Valley, the Bright and Morning Star, He's the fairest of ten thousand to my soul; The Lily of the Valley, in Him alone I see, All I need to cleanse and make me fully whole. In sorrow He's my comfort, in trouble He's my stay, He tells me every care on Him to roll. Hallelujah. He's the Lily of the Valley, the Bright and Morning Star, He's the fairest of ten thousand to my soul. 155 Mahal n'yo ba Siya? Oh, Ako'y sadyang... Mahala Siya, I... (Ngayon, sambahin natin Siya, lahat na matatalas na mga Salita at mensahe...) Pagkat minahal Niya ako Nagbayad ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

71 Hindi ba't kahanga-hanga Siya. Mahal ko Siya. Ngayon, ang mga bagay na hindi ko natalakay, ay mailalagay sa mga aklat, siyempre, dahil hindi natin magagawang maihatid ang buong kapanahunan ng iglesia sa isang gabi. Medyo nagdahan-dahan ako ngayong gabi, dahil minamalat ako nang kaunti. Ngunit, oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya. Hmm. There are people almost everywhere, Whose hearts are all on flame, With the fire that fell on Pentecost, That cleansed and made them clean; Oh, it's burning now within my heart, Oh, glory to His Name.

I'm so glad that I can say I'm one of them. Oh, one of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them. (Masaya ba kayo?)

72 Naaalala ko nang manggaling ako sa Chattanooga isang gabi; at lumapag ang eroplano sa Tennessee, doon sa Memphis. Dinala nila ako sa isang malaki, at magandang hotel doon, at tinawagan ako, at sinabing, "Lilipad ang eroplano ng ika-pito ng umaga bukas." 158 At maghuhulog ako ng ilang mga sulat sa mail box, dahil papauwi na ako, sumulat ako sa ilang mga kaibigan ko. At pagbaba ko, sinabi ng Espiritu Santo, "Magpatuloy ka sa paglakad." Nagpatuloy lang ako, hanggang sa makarating sa distrito ng mga negro. 159 Nakatayo ako roon, at naisip ko, "Naku. Tignan mo; oras na para lumipad ang eroplano." 160 At nagpatuloy ng pagsasabi ang Espiritu Santo, "Magpatuloy ka sa paglakad." Gaya ng ginawa Niya doon sa kagubatan noong isang araw, alam n'yo na. "Magpatuloy ka lang sa paglakad." Kaya nagpatuloy ako sa paglakad. 161 At napatingin ako doon sa isa sa mga maliliit na barung-barong na tinitirhan ng mga pobreng negro. Isang tipikal na Aunt Jemima, na may nakataling kamiseta ng batang lalaki sa kaniyang ulo, ang nakasandal nang ganiyan... 162 At naglalakad ako nang pakanta-kanta pa: One of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (O Alleluia.) (At anong nais Mo, Panginoon?) One of them, I'm one of them, (Naniniwala ba kayo sa pangunguna ng Espiritu? Opo.) I'm so glad that I can say I'm one of them.

73 Mga labing-apat na taon na iyon ngayon. Tumanaw siya sa may bakod. Mga, oh, kalahating bloke ng syudad ang layo ko sa kaniya, at nakita kong nakatitig ang negrang ito sa akin, alam n'yo na. 164 Nagpatuloy lang ako, tumigil sa pag-awit, at itinuloy ang paglakad. Nang mapalapit ako sa kaniya, umaagos ang luha sa kaniyang matatabang pisngi: tumingin siya sa akin, at nagsabing, "Magandang umaga, parson."

Pumihit ako, at sabi ko, "Kumusta ka na, auntie?" At ang sabi niya... Napapihit ako: tumatawa siya, ang mga ngiting-ngiti siya. Sabi ko, "Papaano mo nalamang isa akong parson?" Doon kasi sa katimugan, alam n'yo, ang tawag nila isang mangangaral ay parson. Aniya, ika ko, "Papaano mo nalamang isa akong parson?" 166 Aniya, "Alam kong darating ka." 167 At ang sabi ko, "Papaano mong nalaman iyon? Kilala mo ba ako?" 168 Sabi niya, "Hindi po." At aniya pa, "Alam kong darating ka." Sabi niya, "Narinig mo na ba ang kuwento ng babaeng Shunamita?" Ang sabi ko, "Opo."

74 At ang sabi niya, "Buweno," aniya, "Ako'y katulad ng babaeng iyon." Sabi niya, "Binigyan ako ng anak ng Panginoon, at sinabi ko sa Kaniyang aalagaan ko siya." Aniya, "Isa akong mahirap na babae. Naglalaba ako at nagtatrabaho para sa mga puti upang mabuhay." Aniya, "At sinabi Niya sa akin na bibigyan Niya ako ng anak, at sinabi ko sa Kaniyang aalagaan ko siya." Aniya, "Pinalaki ko siya sa abot ng nalalaman ko," ngunit aniya, "parson, napasama siya sa maling barkada. Nagkasakit siya, at nalaman lang namin iyon nang ito'y malala na. At naghihingalo na siya sa higaan." Aniya, "Wala siyang malay, dalawang araw na. At dumating ang doktor at nagsabing kinain na nito ang kaniyang puso at iba pa, pumasok na iyon sa daloy ng kaniyang dugo, napakalala na nito at anupa't napinsala na siya at hindi na siya natutulungan ng gamot na ibinibigay nila sa kaniya ngayon." At aniya, "Naghihingalo na siya." At aniya pa, "Hindi ko kayang makita siyang namamatay na isang makasalanan." At sabi niya, "Nanalangin ako nang nanalangin," aniya, "Buong magdamag akong nanalangin." Aniya, "Wala siyang malay; wala siyang nalalaman." Aniya, "Dalawang araw na siyang gayon."

75 Aniya, nanalangin ako, sabi ko, 'Panginoon, ibinigay mo sa akin ang batang iyon' at aniya, 'gaya ng ginawa Mo sa babaeng Shunamita.' Ang sabi niya, 'Nasaan ang Iyong Elias? Nasaan si...' 171 Aniya, 'Nasaan ang makatutulong sa akin?'" 172 At aniya, "Nakatulog ako sa aking pagkakaluhod." At sabi niya,

”Nangusap ang Panginoon sa akin, at nanaginip ako,‟ at sabi niya, 'Lumabas ka at tumayo sa may pintuan. At may isang lalaking darating sa kalsada, nakasuot ng kulay-balat na sumbrero at itim na terno.' At sabi Niya, 'Mangungusap siya sa'yo.”'

At sinabi niya, “Nakatayo na ako rito bago pa magliwanag.” At basa nang hamog ang kaniyang likuran. At aniya, “At nakita kitang dumarating na suot ang kulay-balat na sumbrero,” aniya, “ngunit di ba dapat ay may dala kang munting maleta.” 174 Sabi ko, “Iniwan ko iyon sa hotel.” Kita n'yo? At ang sabi ko, “May sakit ang anak mo?” Aniya, “Naghihingalo na siya.” Sabi ko, “Branham ang pangalan ko.” Ika ko, “Kilala mo ba ako?” Ang sabi niya, “Hindi po, Parson Branham, hindi pa kita naririnig.” Sabi ko, “Nananalangin ako sa maysakit.” Hindi siya interesado doon. Ayaw niyang mamatay ang anak niya na isang makasalanan.

76 Pumasok ako; may luma silang pintuan doon na may nakasabit na dulo ng araro upang ito'y muling magsara (Marahil marami sa inyong taga-hilaga ang hindi nakakaalam kung ano ito.) Ngunit ito'y upang panatilihing sarado ang pintuan. At pumasok ako sa bahay, maliit, luma, may dalawang silid (kahawig ng tinatawag nating munting “shotgun house”); may isang silid dito, na siya na ring sala at tulugan, at sama-sama na; at sa bandang likuran naman ang kusina. Nang pumasok ako... Ito'y isang munting dakong pininturahan ng karburo, at maganda, nakalantad ang dingding sa bandang ibaba na may kumbinasyong kahoy. Kaya nga... Hindi, wari ko'y nilagyan niya ng inalkitranang papel ang kaniyang bubungan; natatandaan kong nakakita ako ng malalaking bula, na gaya ng sa hamog, na nasa ibabaw nito.

77 At pagpasok ko, mayroong karatula na nakasabit sa pintuan, “God Bless Our Home.” Sa sulok ay may lumang katre, at may isa pa sa gawing ito. Nakahiga roon ang isang napakalaking tao (ni walang alpombra sa sahig), isang napakalaking lalaki, malaki at guwapong lalaki ang naroroon. Palagay ko'y tumitimbang siya ng sandaan at pitumpo o walumpong libra, malapit na sa anim na piye ang taas niya. At may hawak-hawak niya ang kumot at umuungol, “Um. Um.” 177 At sabi niya, “Baby ni mama.” 178 At naisip ko, “Baby ni mama.” Samantalang mayroon siyang panlipunang sakit, na syphilis. At naghihingalo na siya. 179 At hinalikan niya siya sa noo, at tinapik siya nang ganiyan, aniya, “Baby ni mama.”

78 Aba'y, sadyang tumaba ang puso ko. Naisip ko, “Oo, hindi mahalaga gaano ka man nagumon sa kasalanan, baby ka pa rin niya.” At naisip ko, “Kita n'yo, hindi mahalaga kung gaano siya kasama,

'baby pa rin siya ni mama.'‟ At naisip ko, ”Sinabi ng Panginoon, 'Malilimutan ng ina ang pasusuhin niyang anak; ngunit hindi ko kayo malilimutan, dahil inukit ko ang inyong mga pangalan sa palad ng Aking kamay.‟' Kita n'yo? Papaanong mangyayari iyon. 181 Tinignan ko ang abang banal na iyon na nagpapalakad-lakad doon. Maaari mong sabihin, kapatid, na wala siyang anumang kagamitan sa bahay; ngunit mayroon siyang isang bagay loob ng bahay na dapat taglayin ng bawat bahay sa Indiana o kahit saan man; Iyon ay ang Diyos. Mas gugustuhin kong taglayin iyon kaysa sa isang malalaki't magagandang bahay na may mga litrato ng mga babae nakasabit sa dingding, pati na lahat ng mahahalay, at masasamang bagay na ito. Naroon ang lumang Biblia na nakalapag nang nakabukas, at lukot na ang mga lumang pahina Nito... 182 Tinignan ko siya. At ang sabi niya, ”Pumarito ang parson upang ipanalangin ka, honey.‟ 183 Ang sabi niya, ”Um. Um. Madilim. Um.‟ 184 At sabi ko, ”Anong sinasabi niya?‟

79 At sabi niya, “Hindi niya alam. Ang sabi ng duktor wala siya sa kaniyang katinuan.” Aniya, “Akala niya nasa isa siyang malaking karagatan, at nagsasagwan siya sa isang bangka, at siya'y naliligaw.” At aniya, “Iyon ang hindi ko matagalan, parson: ang malamang mamamatay ang anak ko, na ligaw.” At sabi niya, 'Alam kong pumarito upang tulungan ako, dahil sinabi ng Panginoon sa akin.‟ 186 Sabi ko, ”Ipapanalangin ko siya,‟ at ika ko, ”marahil ay pagagalingin siya ng Panginoon.‟ 187 Hindi siya interesado roon; ang gusto lang niya'y bumangon siya at magsabing ligtas na siya. 188 Iyon lang, ang mahalaga'y ligtas siya. Hindi na bale, kakailanganin niya rin namang pumanaw papaano't papaano man, isang araw; ang mahalaga'y ligtas siya. Oh, kung magkakaroon lamang tayo ng ganung saloobin. Alam niyang muli silang mabubuhay na magkasama sa walang hanggang tahanang iyon. Aniya, ”Kung maririnig ko lamang na magsabi siyang siya'y naligtas na.‟ 189 Sabi ko, ”Yumukod tayo.‟ At lumuhod siya. At hinawakan ko ang mga paa niya, napakalamig ng mga ito at malagkit. At hindi ko mahila ang nakatakip sa kaniya, isang manipis na kumot na ikinumot niya sa kaniya; naka panloob lang siya, alam n'yo na.

80 At kaniyang... Hinihila niya iyon nang ganiyan, iniisip niyang nakasakay siya roon. Dinaklot niya iyon, at iniisip na siya'y nagsasagwan. Walang patid ang pagsasabi niya ng, “Napakadilim. Um. Um. Napakadilim.” Kaya't sinikap niyang makausap siya; at nagpatuloy lang siya sa pagsasabi ng, “Madilim at malamig,” basta't humahatak siya. 191 At bahagya ko siyang nilingon, nakaluhod siya roon; ang sabi ko, “Auntie, maaari bang pangunahan mo ang pananalangin natin?” Ang sabi niya, “Opo.” 192 Siya lamang, at ako, at ang lalaking iyon, at ang Espiritu Santo ang nasa silid. Nanalangin ang banal na iyon. 193 Naku. Nang makipag-usap siya sa Kaniya, alam mong Siya'y nakausap na niya dati. Opo. Kilala niya kung Sino ang kinakausap niya. Sabi niya, “Panginoon, hindi ko alam kung anong gagawin Mo,” aniya, “ngunit ang lahat ay ayon sa pagkakasabi Mo.”

81 Ay, naku. Oh, galak na galak ako. Labis akong nagagalak na Siya pa rin ang Jesus na dating kasama ng mga banal. Siya pa rin ang Jesus na iyon sa araw na ito. 195 At hindi ko siya tinanong tungkol sa kaniyang relihiyon, kung siya ba'y Baptist, Pentecostal, o anuman. Hindi ko na iyon dapat pakialaman. Sumusunod lamang ako sa Espiritu Santo, at gayundin ang kaniyang ginagawa. Ninasa naming makita kung ano ang gagawin Niya. 196 Kaya't lumuhod kami, at nagsimula siyang manalangin. At matapos siyang makapanalangin, tumayo siya at hinagkan ang kaniyang ulo, at nagsabi, "Diyos, pagpalain Mo ang anak ko." 197 At pagkatapos ay sinabi niya, "Ngayon, maaari bang manalangin ka, parson?" 198 At ang sabi ko, "Opo." At noon ay mga alas-otso y medya na, marahil ay kinse minutos bago mag alas nuwebe, at mga dalawang milya ang layo sa aking tinutuluyan, at—at naktakdang umalis ang eroplano ng alas siyete; at hindi ko alam kung kailan ako makalalabas.

82 Kaya't ipinatong ko ang kamay ko sa paa niya; Sabi ko, "Makalangit na Ama, hindi ko ito maunawaan. At Iyong... Dapat sana'y sasakay ako sa eroplano kanina pa, mga isang oras at kalahati na ang nakararaan. Sadyang hindi Ka tumigil sa pagsasabi na, 'Lumakad ka,' at ito ang aking nasumpungan. At sinabi niya na nakita niyang darating ako. Kung—kung

Ikaw iyon, Panginoon, kung gayo'y wala akong alam na dapat gawin kundi ang ipatong ang aking kamay sa batang ito.‟ 200 Ang sabi niya, ″Oh, mama,‟ aniya pa, ″lumiliwanag na rito ngayon.‟ Mga limang minuto matapos iyon, nakaupo na siya sa gilid ng katre yakap-yakap ang kaniyang ina. 201 Dali-dali akong lumabas, at tumakbo, kumuha ng taxi, at nagtungo sa hotel upang kunin ang aking maleta, naisip kong tumuloy na lang at maghintay, marahil ay kailanganin kong maghintay ng isa o dalawang araw sa mga panahog iyon. Alam n'yo kung gaano kahirap makasakay sa eroplano pagkatapos ng digmaan, kaya maisip ko, ″Kakailanganin kong maghintay ng dalawang araw.‟ 202 At sumakay ako ng taxi at tumakbo kami patungo sa paliparan. Pagkarating na pagkarating ko roon, ang sabi, ″Ang biyaheng may bilang na 196 patungong Louisville, Kentucky, ay paalis na ngayon.‟ Pinigil ng Diyos ang eroplanong iyon sa lupa para sa akin, ganu'n. O, iyon ang paniwala ko.

83 Mga dalawang taon matapos iyon, nakasakay ako sa tren, papuntang Arizona, kina Brother Sharritt, para sa isang pagtitipon. At nakatakdo akong sunduin nina Brother Moore at iba pa. Kaya't nang magpunta ako roon, tumigil ako sa Memphis. At humimpil ang tren, gaya ng alam n'yo kapag humihimpil ito, sumusulong nang pakanluran, pagkatapos ay aatras at dadaan sa buweltahan at hihinto. 204 At ibinibenta nila ng sisenta sentimos ang bawat isang sandwich sa tren. At mabibili ko iyon ng sampu, o kinse sentimos, alam n'yo na, sa ibang lugar. Kaya't naghintay na lang ako na makahinto ang tren upang makabili ako ng ilang sandwich. Bibili sana ako ng kalahating sakong hamburger, at tunay na magpakasaya habang bumabiyahe papunta doon. Kaya't dali-dali akong bumaba at tumakbo roon upang makahanap ng tindahan ng hamburger, palinga-linga ako, titigil ako roon ng mga kalahating oras.

84 At kaya't nagsimula na akong bumili ng mga hamburger, nang may narinig akong nagsabi, "Kumusta ka na, parson," At lumingon ako, may isang nakasumbrerong pula na nakatayo roon at pakurap-kurap ang mga mata, alam n'yo na, ang sabi niya, "Hindi mo ako nakikilala, ano?" 206 "Palagay ko'y hindi nga, anak." 207 Lumapit siya at nagsabi, "Tignan mo akong mabuti." 208 At sabi ko, "Oo nga?" Ika ko, "Palagay ko'y hindi nga kita kilala." 209 Ang sabi niya, "Kilala kita." Aniya, "Ikaw si Parson Branham." 210 At sabi ko, "Oo, tama." Ika ko, "Nakadalo ka ba sa isa sa mga gawain ko?"

Sabi niya, "Hindi po." At aniya, "Naaalala mo ba nung umagang pumunta ka sa bahay namin at ang nanay ko'y..." 212 "Oh." Ang sabi ko, "Huwag mong sabihing ikaw yon?" 213 Aniya, "Opo, ako nga po 'yon. Opo, ako nga po 'yon." Ang sabi niya, "Parson," aniya, "Magaling na ako, maigi at mahusay. At hindi lang iyon, Cristiano na ko ngayon. Purihin ang Panginoon," aniya. O... They were gathered in the upper room, All praying in His Name, They were baptized with the Holy Ghost, And power for service came; Now, what He did for them that day He'll do for you the same, (Di ba kayo nagagalak?) I'm so glad that I can say I'm one of them. One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them.

85 Wala silang matataas na pinag-aralan at iba pang mga bagay. So these people may not learn to be, Or boast of worldly fame, They have all received their Pentecost, Baptized in Jesus' Name; And are telling now, both far and wide, His power is yet the same, I'm so glad that I can say I'm one of them. One of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them. Come, my brother, seek this blessing That will cleanse your heart from sin, It will start the joy-bells ringing

And will keep your soul aflame; Oh, it's burning now within my heart, Oh, glory to His Name, 215 I'm so glad that I... (Ngayon, makipagkamay kayo sa nasa harapan n'yo, sa likuran, at sa paligid.) Oh, one of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them. One of them, one of them, (Pagpalain kayo ng Diyos...?...) ... one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them; I'm one of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) I'm one of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them.

86 Ano ang makalumang relihiyon na ito? Nagsimula iyon dito, at sa buong panahong iyon ay tmulo sa kaniya ang Dugo ni Jesus Cristo. Ay, naku. Oh, lubos akong nagagalak dahil sa Ebanghelyo. Oh, Talaga po. It's dripping with blood, yes, it's dripping with blood, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood, The blood of (Lahat ng mga martir,), who died for the truth, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood. 217 Ngayon, anong uri ng Ebanghelyo Ito? Gaya ng nagpasimula sa Pentecostes. Kita n'yo? The first one to die for this Holy Ghost plan, Was John the Baptist (Natanggap niya iyon sa sinapupunan pa lamang ng kaniyang ina, alam n'yo.), ... died like a man; Then came the Lord Jesus, they crucified Him, He preached that the Spirit would save men from sin. Kept dripping with blood, yes, dripping with blood, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,

The blood of disciples who died for the truth, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

87 Hindi n'yo ito maaaring maorganisa. A-ha. There's Peter and Paul, and John the Divine, They gave up their lives so this Gospel could shine; They mingled their blood with the prophets of old, So the true Word of God could honest be told. Kept dripping with blood, yes, dripping with blood, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood, The blood of disciples who died for the truth, This Holy Ghost Gospel kept dripping with blood. There was souls under the altar, crying, "How long?" For the Lord to punish those who've done wrong; But there's going to be more who'll give their life's blood For this Holy Ghost Gospel and its crimson flood. Keeps dripping with blood, yes, it's dripping with blood, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood, The blood of disciples who died for the truth, This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

88 Ngayon, mula sa panahon ng Pentecostes, at sa mga martir ng Pentecostes, patungo sa iglesia ng Efeso, patungo sa Pergamo, hanggang sa Tiatira, hanggang sa Sardis, sa Efeso… o sa panahon ng Filadelfia , at hanggang sa Laodicea... At anong mangyayari dito ngayon? Tulad ng sabi ng Biblia, lahat ay magsisipasok, at ang halimaw ay lilitaw sa Estados Unidos. 220 Natatandaan n'yo ba ang pangitaing binasa rito, noong 1933? Patungo ako... Ni hindi pa naitatayo ang simbahan. Hindi ko pa alam noon kung ano ang pangitain, tinatawag ko itong pagkawala sa ulirat. Isa pa akong batang mangangaral na Baptist noon, at kami'y... 221 Buong buhay ko ay nakakakita ako ng mga pangitain, at hinihiling ko na tumatayo ang sinuman at magsabi na may isa man sa mga iyon na hindi natupad. Hindi, hindi ito kailan man nabigo. Hindi ito maaaring mabigo. Kita n'yo? Hindi ito mabibigo.

89 At ngayon, at nang papunta ako sa Sunday school, nakakita ako ng pangitain. Ginanap namin iyon sa lumang Masonic home, sa lugar ni Charlie Kurn, maliit na grupo lang kami. At nakita kong pinangunahan nitong si President Roosevelt ang daigdig sa isang pandaigdigang digmaan: naihula ito. Ang sabi ko, "At mayroong tatlong ismo: ang Nazismo, ang Fasismo, at Komunismo." Sabi ko... (Ilan ba rito ang nakaaalala?) Ang sabi ko, "Manmanan n'yo ang Komunismo; ang lahat ay mauuwi roon." Sabi ko, "Lulusubin ni Mussolini ang Ethiopia, ngunit mabibigo siya." At sabi ko, "Hahantong tayo sa pakikidigma sa Germany," ngunit sabi ko, "Magkukubli ang Germany, sa napakakapal na konkreto," labing-isang taon bago naitayo ang Maginot Line, labing-isang taon.

90 Sabi ko, "Pagkatapos ng digmaan... Sa huli'y mapagwawagian natin ito. At pagkatapos ng digmaan, mangyayaring makaiimbento ang siyensya ng mga dakilang bagay." At ang sabi ko, "Kapag nagyari 'yon, sa paggawa nila ng sasakyan, patuloy na magiging pabilog ang korte ng mga ito (Alam n'yo kung anong itsura ng mga ito noong '33, ngayon sila'y...)," ang sabi ko, "magiging parang mga itlog ang mga ito, itsurang itlog. Dahil nakita ko sa isang highway, isang napakalaking highway, ang isang kotseng tumatakbo sa kalsada na walang manibela. Kinokontrol ito ng isang lakas." Mayroon na sila nito ngayon...?... 224 Sabi ko, "Sa panahong iyon... Ngayon, pinahihintulutan na nilang bumoto ang mga kababaihan; at sa pagboto ng mga kababaihan, sa huli'y..." Ang sabi ko, "Ang bansang ito'y isang bansa ng kababaihan; may marka ito ng isang babae. Ito'y isang babae sa buong propesiya, saan man ito; at panglabing tatlo saan man sa propesiya." At ang sabi ko, "Isa itong bansa ng kababaihan; taglay niya rito ang kaniyang mga kalayaan. At sisirain niya ito; siya ang sanhi ng pagkasira ng mundo."

91 (At, Roy, nakuha ko ang sulat mo tungkol diyan, sa dakilang babaeng iyan na... "Bawat kasong kriminal... Nasuri na natin ito: sa bawat kasong kriminal na ginawa dito sa America, may isang babaeng sangkot sa likod nito." Tamang-tama nga iyon. Iyon ay mga imoral na babae. Kita n'yo?... at mga bagay-bagay.) 226 Ngayon, kaya sinabi ko, "Mangyayari na sa panahong iyon ay pahihintulutang bumoto ang kababaihan, at maghahalal sila ng maling tao (Ginawa nila iyon nung nakaraang eleksyon. Tama.) at iyon ang magpapasimula ng isang kuta. Sa panahong iyo'y mangyayaring may lilitaw na isang dakilang babae sa Estados Unidos; siya'y madaramtan nang magara (At nilagay ko sa isang panaklong, marahil ay ang iglesiang Catolico. Kita n'yo?), na mangingibabaw sa kapangyarihan sa lahat ng iba pa sa Estados

Unidos. Magiging marilag siyang tignan, ngunit magiging napakalupit ng kaniyang puso."

92 Ang sabi ko, "At lumingon akong muli, at nakita ko ang America na wasak na wasak. Walang anumang nalabi rito." 228 At nanghula ako noon. "Ngayon, ito, iyan ay ITO ANG SABI NG PANGINOON." 229 At isipin n'yo. Lima sa pitong hulang iyon ay naganap na. 230 Ang iglesiang magkakaroon ng

kapangyarihan ay ang iglesiang Catolico. At ang pagdating ng huling panahon... 231 At sinabi ko, "Nakita ko, ang tila mga tuod na lamang na nagliliyab, nagsambulat ang mga bato, at ang buong Estadis Unidos ay lantad na lantad, nakasadlak nang gayon, sa abot ng nakikita ko mula sa aking kinatatayuan." 232 At ang sabi ko, "Itinataya ko, ayon sa pagkilos ng panahon; mangyayari ito sa pagitan ng taong '33 at '77." At kakailanganin nitong masikil nang napakatindi upang makalusot doon. 233 At nakaupo tayo sa isang bariles ng pulbura, kaibigan. Handa na ang lahat ng bagay.

93 O, ngunit ang minamahal nating makalangit na Ama na Siyang nangako, Siyang nangakong... Hindi ba't kahanga-hangang maging lingkod ni Cristo? Lahat ng mga bagay na Kaniyang ipinangako, at isipin n'yong may pribilehiyo tayo bilang mga nangabubuhay ngayon, na kasama natin Siya ngayon, nakakikilala ng bawat lihim ng bawat puso, alam Niya ang lahat ng tungkol sa inyo; ang mga nagniningas na apoy na lumalagos sa mga puso natin, alam Niya ang lahat ng tungkol sa atin, at minamahal Niya tayo.. 235 At hindi ka ba nagagalak na mapasama sa munting pangkat ng minorya ngayong gabi na nag-iingat ng pananampalataya? Dahil ito ang Kaniyang utos, "Huwag kayong mangatakot, munting kawan, nakalulugod na mainam sa inyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian. At malibang paikliin ang gawang ito, walang laman na maliligtas." Kita n'yo, nasa huling panahon na tayo.

94 Ang mga Penecostal ay nanlalamig, nagiging malahininga na, isinuka mula sa bibig ng Diyos... 237 Isang maliit na grupo lang ang humiwalay dito, kakaunti lang, ngunit doon darating ang: "Narito, ang Kasintahang Lalaki." At kapag nangyari ito, bawat isa sa mga pagpupuyat na iyon, bawat pagpupuyat ng mga, upang... Tandaan, mayroon pitong pagpupuyat. At narito na tayo sa huling pagpupuyat. Ngunit

bumangon ang bawat isa sa mga Birhen iyon sa mga panahong ito. Amen. O, ano ito? Ang Espiritu Santo ring iyon. 238 At kapag nakapasok na ang iglesia, gaya ng tinalakay natin noong Linggo ng gabi, ipakikilala ni Jose ang kaniyang sarili sa Israel, na kaniyang mga kapatid, pinaalis na niya ang kaniyang nobya, at lahat na, at ipinadala niya sa palasyo. At nakipagkita siyang mag-isa sa mga Judio at sinabing, "Ako si Jose, na inyong kapatid." 239 Nailagay sa Kasulatan na nagtalaga sila ng araw ng pagtangis, at bawat sambahayan ay nanangis. Ang sabi nila, "Saan mo nakuha ang mga pilat na iyan," anila, "sa mga kamay ng... sa Iyong mga kamay?" 240 Sasabihin Niya, "Sa bahay ng Aking mga kaibigan." 241 "Sila na tumuhog sa Kaniya ay titingin sa Kaniya." Nakatayo Siya roon, ang Jose. 242 Sinabi Niya, "Huwag..." Gaya ng sabi ni Jose, "Huwag kayong magalit sa inyong sarili, dahil ginawa ito ng Diyos upang magligtas ng buhay." 243 Ano? Ang Buhay ng iglesia, na Hentil, "Para sa Kaniyang Pangalan, mga taong mula sa mga Hentil."

95 Oh, nasa wakas na tayo, mga kapatid. Narito na tayo. Purihin ang Pangalan ng Panginoon. Awitin natin ang lumang awiting ito, bilang magkakasamang magkakapatid na lalaki't babaeng Pentecostal. Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, isa akong Baptist." Ngunit kung taglay mo ang pagpapalang Pentecostal, isa kang Pentecostal. Tama. Tama. Blest be the tie that binds Our hearts in Christian love; The fellowship of kindred minds Is like to that above. 245 Ngayon, makinig kayo, mga kaibigan. Kung may isa man dito sa ating kalagitnaay, na sa paglalakbay sa buhay na ito, ay pinasok sa puso n'yo ng munting kapaitan (Makinig kayo sa akin.), alisin n'yo ito diyan ngayon din. Kunin n'yo iyon; huwag ninyong pahintulutan ang anumang bagay na... [May nagsalita sa iba't ibang wika at may nagpaliwanag —Ed.] Amen. [Muling may nagsalita ng iba't ibang wika at may nagpaliwanag—Ed.] Amen. Amen.

96 Panginoong Jesus, pinasasalamatan Ka namin sa mga mensaheng ito. Pinasisigla kami Nito, Panginoon, dahil nalalaman naming hindi iniwasan kundi iningatan ang pananampalataya. Oh, dumadalangin ako, Diyos, na

patuloy na manatili ang Espiritu sa iglesia. Panatilihin Mo po kaming malapit sa isa't-isa, Ama. 247 Panatilihin Mo kami sa Iyo. At lumakad Ka sa kalagitnaan namin, Panginoon, dito sa huling kandelerong kapanahunan na kinabubuhayan namin. Ikaw ang maging Liwanag namin. Magliwanag Ka sa amin sa dakilang panahong ito ng kadiliman, Panginoon, sapagkat napagtatanto namin na ang kandelero at mga bituin ay nagsasaad ng kadiliman. 248 At, Panginoon, nagagalak kami na kami'y mga anak ng Kaliwanagan, lumalakad sa Liwanag ng Diyos. Hindi kami makalupa kasama ng mga bagay ng sanlibutang ito, kundi kami'y Iyong mga anak. Pinasasalamatan Ka namin dahil sa mga bagay na ito. Pinasasalamatan Ka namin sa pagsusugo Mo ng mga mensaheng ito bilang pagpapatibay sa Iyong Salita. Palagi Ka nawang maparangalan sa kalagitnaan namin, Ama. 249 Iiwas Mo po kami sa lahat ng kapaitan ng mundo. Panatilihin Mo kaming banal, na ang aming buhay ay maging dalisay, malinis, at banal sa harapan Mo. Hayaan Mo pong gawin ito para sa bawat isa sa amin ng Dugo ni Jesus Cristo, Panginoon. Alisin Mo po sa amin, ang anumang hindi tama. Alisin Mo po iyon sa amin, Panginoon. Ito ang panahon ng pagsisiyasat. Layunin ng mga gawaing ito na saliksikin ang ang mga puso namin. Ang sabi Mo, "Ang mga ningas ng apoy sa Iyong mga mata, ay sumasaliksik at nakaaalam ng laman ng puso." Tunay ngang nalalaman mo, Ama. At tumutugon Ka sa amin at sinasabihan Mo kaming panatilihing handa ang aming sarili dahil malapit na ang panahon. Oh, pinasasalamatan Ka namin dahil dito, Ama. Gagawin namin iyon ng buong kalooban namin sa pamamagitan ng Iyong biyaya. Amen.

97 O, hindi n'yo ba Siya mahal? Ngayon, kung may estrangherong naririto sa ating kalagitnaan, gayon

iyon nung pasimula. Nang si Jesus ay narito sa lupa, may nagtanong sa kaniya tungkol sa isang kaso ng kasal at diborsyo o kung ano, sabi Niya, “Sa pasimula ay hindi gayon.” Kailangan mong bumalik sa pasimula. 251 At kung ang umpisa ay isang iglesiang Pentecostal at Siya ang Puno, tayo ang mga sanga, sa tuwing mag-uusbong ng iglesia ang Puno, ito'y magiging isang iglesiang Pentecostal—o sangang Pentecostal: katulad ng pasimula (Kita n'yo?) sa bawat pagkakataon. Ngayon, maaari kangg maghugpong ng ibang mga sanga rito at mamumunga ito ng kaniyang bunga. Maaari kang kumuha ng puno ng kahel at lagyan ito ng lemon, at mamumunga ito ng lemon

na nabubuhay sa buhay ng orange. Maglagay ka ng suha sa tabi nito, mamumunga ito ng suha dahil ito'y prutas na citrus.

98 Kaya ang mga organisasyong ito, mga denominasyon at iba pa, na nakahugpong doon, na tinatawag na mga Cristiano, maaari silang makapamuhay sa buhay ng Cristiano. Tama nga, ngunit mamumunga sila ng mga bunga ng denominasyon (Tama.), dahil nakakabit sila nang ganu'n. Ngunit kung ang sangang iyon mismo ang mag-uusbong—o ang Punong iyon ay mag-uusbong ng sanga, ito'y magiging—susulat ito ng Aklat ng Mga Gawa sa likuran nito. Tamang-tama nga. Dahil iyon ang naganap noong una. Bawat sangang uusbong dito ay mamumunga ng kahel, bawat isa. At ang sabi ng Biblia may labindalawang sanga ito. O, labis akong nagagalak na mabuhay sa silong ng sangang iyon, kayo rin ba? Opo. O, kahanga-hanga ito. Tama, tandaan bukas ng gabi sa kapanahunan ng Filadel—o Sardis. Ang...?... ang paglitaw ng organisasyong Lutheran, si Martin Luther...?...

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7